PAHAYAG ng KANYANG PAGDATING

BANAL NA KASULATAN

BILANG #80 Buksan mo ang langit at ikaw'y bumaba sa mundong ibabaw! **Isaias 64:1**

Makalangit na Pagdalaw - Pinakamalaking Pag-asa ng Tao

Ni Richard Owen Roberts

Ilang linggo kong sinuri ang salitang "dalaw" o "pagbisita" sa Kasulatan. Nalungkot ako nang matuklasan na mas madalas na gamit ng mga salitang ito sa Kasulatan ay patungkol sa paghuhukom at pagpaparusa. Mas kakaunti ang tumatalakay sa pagdating ng Panginoon sa diwang positibo na revival. Ang pakay ko ay magturo sa positibong pagdalaw na makalangit, gamit ang napagandang awit na sinulat ng saserdoteng si Zacarias, gaya ng nakatala sa Lucas kapitulo 1. Mahalagang basahin muna natin ang talata kung saan kinausap ng Panginoon si Zacarias. Basahin muna natin ang Lucas 1:5-25:

"Nang si Herodes ang hari ng Judea, may isang saserdote na ang ngala'y Zacarias, sa pangkat ni Abias. At mula rin sa lipi ni Aaron ang kanyang asawang si Elisabet. Kapwa sila kalugud-lugod sa paningin ng Diyos, namumuhay nang ayon sa mga utos at tuntuning mula sa Panginoon. Wala silang anak sapagkat baog si Elisabet, at sila'y matanda na.

Ang pangkat ni Zacarias ang nanunungkulan noon, at siya'y naglilingkod sa harapan ng Diyos bilang saserdote. Nang sila'y magsapalaran, ayon sa kaugalian ng mga saserdote, siya ang nahirang na maghandog ng kamanyang. Kayat pumasok siya sa templo ng Panginoon sa oras ng pagsusunog ng kamanyang, samantalang nagkakatipon sa labas ang mga tao at nananalangin. Walang anu-ano'y napakita sa kanya ang isang anghel ng Panginoon, nakatayo sa gawing kanan ng dambanang sunugan ng kamanyang. Nagulat si Zacarias at sinidlan ng matinding takot nang makita ang anghel. Ngunit sinabi nito sa kanya, "Huwag kang matakot, Zacarias! Dininig ng Diyos ang panalangin mo. Kayo ni Elisabet ay magkakaanak ng isang lalaki, at Juan ang ipapangalan mo sa kanya. Ikaw ay matutuwa at magiging maligaya, at marami ang magagalak sa kanyang pagsilang sapagkat siya'y magiging dakila sa paningin ng Panginoon. Hindi siya iinom ng alak o anumang inuming nakalalasing. Sa sinapupunan pa lamang ng kanyang ina, mapupuspos na siya ng Espiritu Santo. Marami sa mga anak ng Israel ang panunumbalikin niya sa kanilang Panginoong Diyos. Mauuna siya sa Panginoon, taglay ang espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang pagkasunduin ang mga ama at ang mga anak, at panumbalikin sa daan ng matuwid ang mga suwail. Sa gayon, ipaghahanda niya ng isang bayan ang Panginoon.

Sinabi ni Zacarias sa anghel, "Paano ko po matitiyak na mangyayari ito? Sapagkat ako'y napakatanda na at gayon din ang aking asawa." Sumagot ang anghel, "Ako si Gabriel na naglilingkod sa harapan ng Diyos. Sinugo ako upang ihatid sa iyo ang mabuting balitang sinabi ko na sa iyo. At ngayon, mabibingi ka't hindi makapagsasalita hanggang sa araw na maganap ang mga bagay na ito, sapagkat hindi ka naniwala sa mga sinabi ko na matutupad pagdating ng takdang panahon."

Samantala, naghihintay naman kay Zacarias ang mga tao. Nagtaka sila kung bakit nagtagal siya nang gayon sa loob ng templo. Paglabas niya ay hindi na siya makapagsalita, mga senyas na lamang ang ginagamit niya; kaya natanto nila na nakakita siya ng pangitain. At siya'y nanatiling pipi.

Nang matapos ang panahon ng kanyang paglilingkod ay umuwi na siya. Hindi nga nagtagal at naglihi si Elisabet, at hindi na umalis ng bahay sa loob ng limang buwan. "Ngayo'y nilingap ako ng Panginoon, wika ni Elisabet. "Ginawa niya ito upang alisin ang aking kadustaan sa harapan ng mga tao!"

Isinilang si Juan

Muli nating basahin ang talatang 57: *"Dumating ang oras ng panganganak ni Elisabet, at nagluwal siya ng isang sanggol na lalaki. Nabalitaan ng kanyang mga kapitbahay at mga kamag-anak na siya'y pinagpala ng Panginoon, at nakigalak sila sa kanya.*

Nang ikawalong araw, dumalo sila sa pagtutuli ng sanggol. Zacarias sana ang pangalan – ngunit sinabi ng kanyang ina, "Hindi; Juan ang ipapangalan sa kanya." "Subalit wala isa man sa iyong mga kamag-anak ang may ganyang pangalan," wika nila. Kayat hinudyatan nila ang kanyang ama at itinanong kung ano ang ibig niyang itawag sa sanggol. Humingi siya ng masusulatan at sumulat ng ganito: "Juan ang kanyang pangalan." At namangha silang lahat. Pagdaka'y nakapagsalita siya, at nagpuri sa Diyos. Natakot ang lahat ng kanilang kapitbahay, anupat naging usap-usapan sa buong kaburulan ng Judea ang mga bagay na ito. Pinakaisip-isip ito ng lahat ng nakaalam at ang kanilang tanong: "Magiging ano nga kaya ang batang ito?" Sapagkat maliwanag na sumasakanya ang Panginoon."

Ang Propesiya ni Zacarias

Napuspos ng Espiritu Santo ang kanyang amang si Zacarias, at humula nang ganito: "Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel! Sapagkat nilingap Niya at pinalaya ang Kanyang bayan, at nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas, mula sa lipi ni David na Kanyang lingkod. Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang mga banal na propeta noong una, Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway, At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin. Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang at aalalahanin ang kanyang banal na tipan. Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham, na ililigtas tayo sa ating mga kaaway, upang walang takot na makasamba sa kanya, at maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

"Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan; sapagkat mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan. At ituro sa kanyang bayan ang landas ng kaligtaan, ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan. Sapagkat lubhang mahabagin ang ating Diyos; Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa lilim ng kamatayan, at patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan."

Ang magandang awit na ito na sinulat ni Zacarias ay merong 2 saknong. Merong lamang dalawang mahahabang pangungusap sa talataang ito, simula sa talatang 68 at hanggang sa talatang 79. Sa unang pangungusap si Zacarias ay magalak na nagpupuri sa Diyos na magpapadala sa atin ng "makapangyarihang Tagapagligtas" Ang ikalawang saknong, na pasimula sa talatang 76, binibigay ni Zacarias ang galak at ang pribilehiyo ng pagkaalam at pagpapasalamat para sa misyon ng Kanyang anak. Ang misyong ito ay nakatuon sa pagdalaw na binigkas sa mga pananalitang ito: *"magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan."*

Ang Makapangyarihang Tagapagligtas

Ipaalala natin sa ating sarili kung kelan lumabas ang awit na ito. Ito ang pagtutuli ni Juan Bautista – walong araw matapos siyang isilang. Sa propesiyang ito ay maliwanag na ipinapahayag na ang pagdalaw ay nagpasimula na. Wala pa ang pagsilang kay Cristo; walang pangangaral at pagtuturo; walang krus, walang libingan at walang pagkabuhay na muli. Pero merong paglilihi sa sinapupunan ng birhen, kayat ang kaligtasang ito ay tinitingnan bilang natupad na dahil pinasimulan na ng Diyos ang magagandang bagay na magwawakas sa kaligtasan ng mga bansa.

Ganito ang sabi, "Hindi sila tinitingnan ni Cristo kung sino sila, kundi kung ano sila magiging sa ilalim ng Kanyang kapangyarihan at impluwensiya." Ganundin ang ginagawa ni Zacarias. Dahil alam niyang talagang naglihi ang birhen, maaari na niyang ipahayag ang kaligtasan na para bang iyon ay lubos nang natupad.

Sa talatang 69 ay mababasa natin, "At nagpadala ang Diyos ng isang Makapangyarihang Tagapagligtas." Sa wikang Ingles ay "horn of salvation" sa literal ay "sungay ng kaligtasan." Naisip kong ang magandang larawan nito ay ang sungay ng *rhinoceros*. Maraming mga hayop na may sungay, pero iilan ang merong iisang sungay. Sa talatang ito ang sungay ay iisa lang. Kung iisipin natin ngayon ang ating Panginoong Jesu-Cristo bilang sungay ng kaligtasan – wala nang magtatagumpay laban sa sungay na ito. Mapapalis niya ang bawat kasamaan. Siya ay solong umaatake. Siya ang tanging humarap sa ating mabigat na kaaway. Siya ang nagbigay ng katiyakan ng tagumpay. Siya ang hindi magagapi kailanman sa kahit anumang pagkakataon. Nagtindig ang Diyos para sa atin ng sungay ng kaligtasan!

Nang nagpapasimula pa lang ako sa ministeryo, ang Iglesia ay mas matagumpay kaysa sa ngayon. Nawalan na ba ng kapangyarihan ang Tagapagligtas? Nabali na ba ang sungay ng kaligtasan? Mas malakas na ba ang kaaway? Hindi! Nagtindig ang Diyos ng "sungay ng kaligtasan" at ang sungay na iyon ay matalas at Siya na nasa likod ng sungay ay makakaya sa buong kasaysayan ng sangkatauhan na magdulot ng kaligtasang ipinangako Niya. Pagpalain ang Panginoong Diyos ng Israel!

Kayat ang Mesias ay ipinaglihi. Paparating na ang katubusan. At sa pagbanggit ni Zacarias dito ng katubusan, tinutukoy niya ang pagtubos na naganap na. Tayo ay pinalaya na. Hindi na tayo nasa ilalim ng kontrol ni satanas. *Hindi niya tayo bihag. Hindi siya ang* nagbibigay ng utos. Hindi siya ang may kontrol.

Pansinin sa talataang ito na ang salitang "alalahanin". Sabi ng talatang 72, "Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang at aalalahanin ang kanyang banal na tipan." Merong mga panahon na para bang nakalimutan na ng Panginoon ang Kanyang mga ipinangako. Pero kahit merong 400 na taon ng pagtahimik bago ang anak na ito ni Zacarias, hindi kailanman nakalimot ang Panginoon. Mula pa noong labindalawang taong gulang ako ay kinakailangan kong paalalahanang lagi ang aking sarili na baka hindi Niya piliing dumalaw muli sa aking kapanahunan. Pero dahilan ba ito upang ako ay magpabaya? Dapat bang maging dahilan ito upang ako ay magrelaks at limutin ang aking pagtawag? Namumuhay ako sa pag-asa na dadalaw Siya kahit sa linggong ito. Pero kung matatagalan Siyang dumalaw, bilang "Makapangyarihang Tagapgligtas" o "sungay ng kaligtasan" at bilang "bukang-liwayway ng araw ng kaligtasan" dapat tayong magtiyaga. Sinasabi ko sa mga kabataan na ang pasanin mula sa Panginoon ay pasaning panghabambuhay. Hindi ito dapat isaisangtabi.

May mga taong nagsasabi sa akin, "Kapatid na Roberts, gano katagal na ninyo ipinangangaral ito?" Ano ang dahilan ko upang mawalan ng loob? Hindi ako tinawag upang ang revival ay mangyari. Ang tawag ko ay upang ipamanhik sa mga tao na magsisi at magbalik-loob. At bagamanhindi itonagaganap sa maramihan, salamat sa Diyos na may mga tao na nakarinig at kumilos. Dumudulog ako sa inyo, kapag nagsimula na kayong tumawag sa Diyos at sa bayan ng Diyos na maghanda para sa Kanyang pagdating, huwag mo itong lilimutin, kahit anong mangyari.

Tingnan ang talatang 70: *"Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang mga banal na propeta noong una, na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway. At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin. Ipinangako rin niya*

(sundan sa pahina 3)

Mensahe Mula sa Tagapaglathala

Rich Carmicheal

"Ang Diyos ang pinagmumulan ng kapayapaan ang Siyang muling bumuhay sa ating Panginoong Jesus na naging Dakilang Pastol ng mga tupa dahil sa Kanyang dugo na nagpatibay sa walang hanggang tipan. Nawa'y ipagkaloob niya sa inyo ang lahat ng kailangan ninyo upang maisagawa ang Kanyang kalooban : (Heb. 13:20-21).

Isa sa pinakamalaking pribilehiyo na ibinibigay sa atin ng Panginoon ay ang pribilehiyo na makabilang sa katuparan ng Kanyang kalooban. Una, ikaw ay nilikha sa pamamagitan ng Kanyang kalooban (Pahayag 4:11) at hinirang kasama ni Cristo bilang bahagi ng "Kanyang panukala at kalooban " (Efe. 1:11). Hanggang sa araw na ito, "ang Diyos ang nagbibigay sa inyo ng pagnanasa at kakayahang maisagawa ang Kanyang kalooban " (Filipos 2:13). Nasa isip ka Niya para tuparin ang "mabuti" (Roma 12:2). Ang Kanyang mga plano at layunin para sa buhay mo ay hindi pangkaraniwan, dahil Siya ay "makagagawa nang higit kaysa sa lahat ng maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang naghahari sa atin " (Efeso. 3:20).

Ang Kalooban ng Panginoon

Iba't iba ang detalye ng kalooban ng Panginoon sa bawat tao, pero merong pangkalahatang katotohanan na inihayag sa Kasulatan patungkol sa Kanyang kalooban. Tingnan ang sumusunod na walong katotohanan:

1. Kalooban ng Diyos na lahat ng tao ay magsisi at maligtas. *"Una sa lahat, ipinakikiusap kong paabutin ninyo sa Diyos ang inyong kahilingan, panalangin, pamanhik, at pasasalamat para sa lahat ng tao. Gayon din ang gawin ninyo para sa mga hari at mga may kapangyarihan upang makapamuhay tayo nang tahimik at payapa, marangal at may kabanalan. Ito ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na ating Tagapagligtas na ang ibig ay maligtas ang lahat ng tao at makaalam ng katotohanan."* (1 Tim. 2:1-4). *"Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa Kanyang pangako tulad ng inaakala ng ilan. Hindi pa niya tinutupad ang pangakong iyon alang-alang sa inyo. Binibigyan niya ng pagkakataon ang lahat na makapagsisi at magbalik-loob sa Diyos, sapagkat hindi Niya nais na kayo'y mapahamak."*" (2 Pedro 3:9). *"Sapagkat ito ang kalooban ng aking Ama: ang lahat ng makakita at manalig sa Anak ay magkaroon ng buhay na walang hanggan."* (Juan 6:40).

2. Kalooban ng Diyos na ibigin natin Siya higit sa lahat, at tayo rin ay mag-ibigan sa isa't isa. "Inilaan nila ang kanilang sarili, una sa Panginoon, at pagkatapos, sa amin, ayon sa kalooban ng Diyos " (2 Cor. 8:5).

3. Kalooban ng Diyos na tayo'y maging banal. *"Ibig ng Diyos na kayo'y magpakabanal at lumayo sa kahalayan.* " (1 Tesa. 4:3).

4. Kalooban ng Diyos na tayo'y maging mapagpasalamat. *"Ipagpasalamat ninyo sa pangalan ni Cristo Jesus ang lahat ng pangyayari, sapagkat yaon ang ibig ng Diyos."* (1 Tesa. 5:18).

5. Kalooban ng Diyos na gumawa tayo ng mabubuting gawa, kahit mangahulugan ng pagdurusa. *"Itinalaga nila sa kanya ang kanilang sarili sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti* " (1 Pedro. 4:19).

6. Kalooban ng Diyos na maglingkod tayo ayon sa pagkatawag ng Espiritu Santo. *"sa pamamagitan ng mga kaloob ng Espiritu Santo na ipinamahagi niya ayon sa kanyang kalooban.* " (Heb. 2:4) *"Mula kay Pablo na tinawag ng Diyos upang maging apostol ni Cristo Jesus"* (1 Cor. 1:1).

7. Kalooban ng Diyos na magpakita tayo ng awa sa ating kapwa. *"Narinig ito ni Jesus at siya ang sumagot, "Ang mga maysakit ang nangangailangan ng manggagamot, hindi ang mga walang sakit."*" (Mat. 9:12-13).

8. Kalooban ng Diyos na lahat ng bagay ay sumailalim kay Cristo at para sa Kanyang kaluwalhatian. *"Upang lubos nating maunawaan ang kanyang lihim na panukala na isasakatuparan sa pamamagitan ni Cristo pagdating ng takdang panahon. Ang panukalang ito ay pagisahin kay Cristo ang lahat ng nasa langit at nasa lupa. At dahil kay Cristo, kami'y naging bayan ng Diyos na nagsagawa ng lahat ng bagay ayon sa kanyang panukala at kalooban. Nangyari ito nang kami'y hirangin niya noon pang una – kaming mga unang umasa kay Cristo – sa lalong ikadadakila niya."* (Efe. 1:9-12).

Sa liwanag ng mga talatang nabanggit, kasama sa kalooban ng Diyos ang pag-ibig sa Kanya at pagbibigay-lugod sa Kanya, pagbibigay luwalhati sa Kanya sa pamamagitan ng pagsusuko ng ating mga buhay kay Cristo, at paglilingkod sa Kanya bilang Kanyang mga instrumento upang madala ang mga tao sa pagsisisi at kaligtasan. Ilan sa mga ekspresyon nito ay ang pamumuhay sa kabanalan, pagiging mapagpasalamat, paggawa ng mabubuti, pagpapakita ng awa sa kapwa, at paglilingkod sa tao ayon sa pagtawag at kaloob ng Espiritu Santo. Sa madaling salita, kalooban ng Diyos na ang ating buhay ay mapuspos ng Kanyang pag-ibig, Kanyang buhay at Kanyang karakter, upang mabigyan natin Siya ng karangalan at kaligayahan, at upang ang ating buhay ay magamit para sa Kanyang kaluwalhatian upang maitama ang buhay ng iba ngayon at magpakailanman!

Ang Debosyon ni Jesus sa Kalooban ng Kanyang Ama

Ang perpektong halimbawa ng isang buhay na nakalaan sa paggawa ng kalooban ng Diyos ay ang ating Panginoong Jesu-Cristo. Gaya ng ibinahagi ng awtor ng Hebreo, *"Dahil diyan, nang si Cristo'y manaog sa sanlibutan, sinabi niya sa Diyos, Ang mga hain at handog na mga hayop ay hindi mo ibig. Kayat inihanda mo ang aking katawan upang maging hain. Hindi mo kinalugdan ang mga handog na susunugin at ang mga handog dahil sa kasalanan. Kayat aking sinabi, 'Narito ako, O Diyos, upang tupdin ang iyong kalooban' – Ayon sa nasusulat sa Kasulatan tungkol sa akin." Sinabi muna niya, "Hindi mo inibig o kinalugdan ang mga hain at handog na mga hayop, mga handog na susunugin at mga handog dahil sa kasalanan" – bagamat ito'y inihahandog ayon sa Kautusan. Saka Niya sinabi, "Narito ako upang tupdin ang iyong kalooban." Inalis ng Diyos ang unang handog at pinalitan ng handog ni Cristo. At dahil sa kanyang pagsunod sa kalooban ng Diyos, nilinis tayo ni Jesu-Cristo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng minsang paghahandog ng kanyang sarili, at iyo'y sapat na."* {Heb. 10:5-10).

Ang buong layunin para sa buhay ni Jesus sa lupa ay upang gawin ang kalooban ng Kanyang Ama, at inialay ang Kanyang sarili nang buong puso para doon. *"Ang pagkain ko'y ang tuparin ang kalooban ng nagsugo sa akin, at ganapin ang ipinagagawa niya."*. (Juan 4:34). Sa gitna ng kalooban at gawaing iyon ay ang pagbibigay ni Jesus ng Kanyang sarili bilang isang sakripisyo para sa mga kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan sa Krus. Bagaman ito ay nangahulugan ng matinding paghihirap at pagpapakasakit, gayunpaman lubos na isinuko ang sarili para dito: *"Ama, wika niya, "kung maaari'y ilayo mo sa akin ang sarong ito. Gayunma'y huwag ang kalooban ko ang masunod, kundi ang kalooban mo."* (Lucas 22:42). At bago Siya mamatay sa Krus, maaari Niyang ipamalita na matapat Niyang tinupad ang kalooban at gawa ng Kanyang Ama. *"Naganap na!"* (Juan 19:30).

Ang kahanga-hanga tungkol sa paggawa ng kalooban ng Diyos, anuman ang maging kapalit, ay dahil kumikilos ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kalooban upang tupdin ang Kanyang maluwalhating mga layunin. Halimbawa, sa pamamagitan ng kalooban Niya para kay Jesus, ginawa Niyang posible para sa lahat ng tao na makalaya mula sa kanilang mga kasalanan at maging banal. *"At dahil sa kanyang pagsunod sa kalooban ng Diyos, nilinis tayo ni Jesu-Cristo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng minsang paghahandog ng kanyang sarili, at iyo'y sapat na."* (Heb. 10:10).

Inihahanda tayo ng Panginoon upang gawin ang kalooban Niya

Ayon sa Hebreo 13:20-21, *"Ang Diyos na pinagmumulan ng kapayapaan ang siyang muling bumuhay sa ating Panginoong Jesus na naging Dakilang Pastol ng mga tupa dahil sa kanyang dugo na nagpatibay sa walang hanggang tipan. Nawa'y ipagkaloob niya sa inyo ang lahat ng kailangan ninyo upang maisagawa ng Kanyang kalooban, at sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay gawin niya sa atin ang nakalulugod sa kanya. Papurihan nawa si Cristo magpakailanman! Amen."* Ang salitang isinalin sa Ingles na "equip" ay nangangahulugang ilagay sa tamang kondisyon, gawing kumpleto, umakma para sa kanyang layunin. Halimbawa, ang salita ay ginamit sa Mateo 4:21 patungkol kay Santiago at Juan "mending" sa Ingles, "naghahayuma" sa Tagalog, ng kanilang lambat. Ibig sbihin, inaayos nila ito upang makahuli ng isda. Ang katulad na salita ay ginamit sa Efeso 4:12 kung saan sinulat ni Pablo na ginagawa ng Panginoon ang mga tagapamuno ng Iglesia upang maging "handa" ang bayan ng Diyos para sa mga gawaing paglilingkod, upang ang katawan ni Cristo ay mapalakas. Narinig ko minsan ang isang guro na nagpaliwanag kung paanong ang bayan ng Diyos ay kahawig ng mga sirang lambat na nangangailangang tahiin upang muling mabuo at makahuli ng mga isda, at upang matulungan ang buhay ng ibang tao.

Matuwa tayo na ang Panginoon ay gumagawa, inaayos at inihahanda ang ating mga buhay para sa lahat ng mabubuting bagay sa paggawa ng Kanyang kalooban para sa kaluguran Niya. Ang sumulat ng Hebreo ay nagpapaalala sa atin ng nagawa na ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo, upang palakasin ang ating pananampalataya sa ginagawa ng Diyos at gagawin pa para sa atin. Ang Diyos ding ito na bumuhay mula sa mga patay ang Siya ring Diyos na naghahanda at gumagawa sa atin. Gaya ng sulat ni Pablo sa Efeso 1:19-20, ang katulad na kapangyarihan at lakas na ginamit ng Diyos upang buhayin si Cristo mula sa mga patay at iniluklok Siya sa kanan Niya sa kalangitan, ay gumagawa sa atin na mga sumasampalataya. Maaari nating asahan ang Diyos na gumawa ng mga dakilang bagay sa atin at sa pamamagitan ng ating buhay dahil Siya ay isang dakilang Diyos na may dakilang kapangyarihan!

Panalangin

Isang susi sa paggawa ng kalooban ng Diyos ay panalangin. Ibinahagi ni Jesus ang katotohanang ito sa *Ama Namin* sa pagtuturo Niya sa atin upang manalangin, *"Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo. Ikaw nawa ang maghari sa amin, Sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit. Bigyan mo kami ng pagkaing kailangan namin sa araw na ito; AT patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, Tulad ng aming pagpapatawad sa mga nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok, Kundi ilayo mo kami sa Masama! Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan, magpakailanman! Amen.* (Mateo 6:9-10). Ang panalangin ay sentro sa buhay ni Jesus gaya ng paggugol Niya ng oras kapiling ng Kanyang Ama. Ang mga panalangin Niya sa Hardin ng Getsemani ay sa gitna ng matinding hinagpis ay naroon ang Kanyang ganap na pagsuko sa kalooban ng Ama.

Hindi kataka-taka, samakatuwid, na ang panalangin ay palaging isinasama sa kalooban ng Diyos. Isipin, halimbawa, ang mga katagang ito ni Apostol Pablo. *"Lagi ko kayong idinadalangin at ito'y alam ng Diyos na pinaglilingkuran ko nang buong puso sa aking pangangaral ng Mabuting Balita tungkol sa kanyang Anak. Lagi kong hinihiling na loobin niyang ako'y makapunta riyan sa inyo."* (Roma 1:9-10). *"Ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, alang-alang sa ating Panginoong Jesu-Cristo at sa pag-ibig ng Espiritu, tulungan ninyo ako sa pamamagitan ng inyong taimtim na panalangin. Idalangin ninyo na maligtas ako sa mga di nananalig na nasa Judea, at ang aking dalang tulong sa Jerusalem ay marapatin ng mga kapatid doon. Sa gayon, kung loloobin ng Diyos, masaya akong makararating diyan at makapagpapahinga sa inyong piling."* (Roma. 15:30-32)... *"Kayat mula nang marinig namin ito, patuloy naming idinadalangin sa Diyos na naway puspusin niya kayo ng kaalamang kaloob ng Espiritu upang lubusan ninyong maunawaan ang kanyang kalooban. Sa gayon, makapamumuhay kayo nang karapat-dapat at kalugud-lugod sa Panginoon, sasagana sa mabuting gawa, at lalawak ang inyong pagkakilala sa Diyos."* (Col. 1:9-10). *"Kinukumusta rin kayo ng kababayan ninyong si Epafras na lingkod ni Cristo Jesus. Lagi niyang idinadalangin nang buong taimtim na kayo'y maging matatag, maging ganap, at lubos na masunurin sa kalooban ng Diyos. Saksi ako sa pagsusumakit niya para sa inyo at sa mga nasa Laodicea at Hierapolis."* (Col. 4:12-13). Pati Hebreo 13:20-21 sa diwa ay isang panalangin para matupad ang kalooban ng Diyos sa ating mga puso.

Makapapanalangin tayo na may katiyakan sa pananalangin natin na ang kalooban ng Diyos ay maganap sa ating buhay. Bagaman malinaw na malinaw ito, kalooban ng Diyos na matupad ang kalooban Niya, gaya ng sinulat ni apostol Juan, *"Hindi tayo nag-aatubiling lumapit sa kanya, sapagkat alam nating ibibigay niya ang anumang hingin natin na naaayon sa kanyang kalooban. Yamang alam nating dinirinig nga niya tayo, alam din nating ibinibigay niya ang hinihiling natin sa kanya."* (1 Juan 5:14-15). Idalangin sa Panginoon na ihanda ka Niya sa lahat ng mabubuti para sa paggawa ng Kanyang kalooban at magawa mo ang lahat ng kalugod-lugod sa Kanya. Tiyak na sasagutin Niya ang ganyang panalangin.

Pagtitiyaga

Isa pang susi sa paggawa ng kalooban ng Diyos ay pagtitiyaga. *"Kayat huwag kayong mawawalan ng pananalig sa Diyos, sapagkat taglay nito ang dakilang gantimpala. Kinakailangang kayo'y magtiis upang masunod ninyo ang kalooban ng Diyos at matanggap ang kanyang ipinangako."* (Heb. 10:35-36). Muli, si Jesus ang perpektong halimbawa para sa pagtitiyaga dahil Siya ay *"namatay sa krus"* (Hebreo 12:2-3). Anuman ang dapat mong tiisin sa pagtupad sa kalooban ng Diyos, sa huli ang lahat ay sulit. Kayat magpatuloy ka. Huwag susuko. Kapag nagawa mo na ang kalooban ng Diyos, tatanggapin mo ang ipinangako Niya. At higit sa lahat, ang Diyos ay maluluwalhati sa pamamagitan ng iyong katapatan at pagsunod habang natutupad ang Kanyang kalooban.

Makalangit...

(mula sa pahina 1)

na kahahabagan ang ating mga magulang at aalalahanin ang kanyang banal na tipan" Ang pagdating na ito ng "Makapangyarihang Tagapagligtas"ay may kinalaman sa isang kasunduan, ang kasunduang hindi pwedeng baliin: *"Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham, Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway, upang walang takot na makasamba sa kanya. At maging banal na matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay."* (tt. 73-75).

Bahagi lamang ng propesiya ang natupad. Ang Israel ay hindi pa lubos na nagiging pagpapala sa mga bansa gaya ng ipinangako at nais kong paalalahanan kayo na hindi pa pinag-iisipan ang isyu na ito na malinaw na sinabi sa atin na isang araw ay darating na ang Iglesia ng mga Hentil at aakayin ang Israel sa paninibugho. Huwag ninyo itong kalilimutan. Hindi ninyo makikita sa nakalipas na kasaysayan na ito ay natupad na.

Maraming Judio ngayon ay hindi makapaniwala kay Cristo dahil hindi sila makapaniwala sa mga nagsasabing nagmamahal sa Kanya. Sa ating kasalukuyang kalagayan, walang makatotohanang posibilidad upang umasa na merong tunay na Judio na maninibugho sa inaasal ng Gentil na iglesia. Iisa lang ang naiisip ko na isang paraan na matutupad ng Diyos ang kasunduang ito at iyon ay ang i-revive Niya tayo, ang mge Gentil sa buong mundo. Kay sayang isipin kapag ang Iglesia nating minamahal at pinaglilingkuran ay maaakit ang Israel sa gayong paninibugho na sasabihin nila, "Hindi tama ito. Siya ang ating Mesiyas una at lahat. Hindi natin papayagan na ang mga Hentil ang magtamasa ng lahat ng pagpapala. Sasali din tayo. Ito ay para sa atin at tatamasain natin ito."

Ang Iglesia ay magkakaroon ng pagbabago. Kung wala kayong maisip na dahilan para magkaroon ng pasanin para sa revival, narito ang isang bagay na aantig sa inyo. Bakit hindi magmanikluhod sa Diyos para sa revival na tunay na makapagbabago sa Iglsia ni Jesu-Cristo kung kayat ang mga Judio ay igigiit na iyon ay pagpapala rin para sa kanila, at sila ay makikisali. Ang pakikipagkasundo ng Diyos ay matutupad. Masisiguro mo ito. Malinaw na sinabi na sa pamamagitan ni Abraham at ng kanyang binhi ang buong sanlibutan ay pagpapalain, at sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ito ay magaganap. Anong yaman ito kung tayo ay magkakaroon ng pribilehiyo na maging kabahagi ng magaganap!

Dapat pansinin dito ang kabanalan at katuwiran. Tingnang muli ang talatang 74: "Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway, upang walang takot na makasamba sa kanya. "Maraming nagsasabi sa akin, "Bakit mo nasasabi iyan?" At sabi ko, "Bakit hindi mo kayang sabihin ang katotohanan?" Ano ang dapat nating ikatakot sa tao? Ang ilan sa atin ay maaaring mamatay para sa pananampalataya. Maaaring mabilanggo tayo at dumanas ng matinding pag-uusig, pero, para sa Iglesia na naglilingkod sa Panginoon nang walang takot at may kabanalan at tunay na katuwiran.

Bukang-liwayway ng araw ng kaligtasan

Sa talatang 76, makikita natin ang kagalakan ni Zacarias nang maisip ang misyon ng Sanggol na ihahanda ang daraanan ng Tagapagligtas mula sa kaitaasan. *"Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan, sapagkat mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang Kanyang mga daraanan."* (tt. 76-79).

Napagbulayan mo na ba ang mga katagang "bukang-liwayway ng araw ng kaligtasan?" Malinaw na ang "sungay ng kaligtasan" ay hinahamon ang kaaway, pinakakaripas ito ng takbo, tinitiyak ang panalo para sa mga lingkod ni Cristo, pero talagang namumuhay tayo sa napakadilim na panahon. Kapag dinalaw tayo ng "bukang-liwayway ng araw ng kaligtasan", ang lahat ng bagay ay mababago. Ang mga bagay na tinatanggap ngayon ay ganap na di magiging katanggap-tanggap. Kapanapanabik ang araw ng pagdalaw ng "araw" mula sa kaitaasan.

Kapag Dumalaw ang Diyos

Sasabihin ko sa inyo ang pitong mga bagay na maapektuhan kapag dumalaw ang Diyos. Tiyak na hihipuin ng "sungay ng kaligtasan" at ng "araw mula sa kaitasan" ang mga ito.

1) Merong Pagbabago ng Pansin.

Una, sa bawat pagdalaw ay merong pagbabago ng pansin na kagyat nangyayari. Ang mga bagay-bagay ay wala sa pokus ngayon, hindi lang sa Iglesia sa pangkalahatan kundi sa mga buhay ng mismong nagbabasa nito. Nalilito tayo sa kung ano talaga ang mga isyu. Lagi kong ipinangangaral kung paano malalaman kung ang isang bagay ay bunga lamang at kung ano ang ugat. Madalas tayong naguguluhan sa isang bagay na nasa ugat ang problema. Kapag ang araw ng kaligtasan ay tumanglaw sa katotohanan, ang mga bagay-bagay ay magliliwanag.

Palagi na lang ang isyu ng mga Pariseo ay naaalala ko. Lahat ng bagay sa kanila ay wala sa pokus. Abala sila sa mga materyal, mga personalidad, mga bagay na walang kabuluhan. Hindi nila magawang magpokus sa mga bagay na mahalaga sa Diyos. Ang Iglesia ay nagbubuhos ng di mabilang na oras at lakas at sangkatutak na pera sa mga bagay na hindi mahahalaga. Nawa ay dumating na ang pagdalaw upang maituwid ang lahat ng bagay. Lahat tayo ay dapat tanungin ang sarili nating puso, ako ba ay nakapokus? Ang mga bagay ba na nasa puso ng Diyos ay nasa puso ko? Ang mga mensahe ba na ipinapahayag ko ang mismong mensahe ng Diyos? Ako ba ay nangungusap mula sa Kanyang puso sa pamamagitan ng puso patungo sa puso mo, o baka inuulit ko lang ang mga bagay na baka-sakaling may halaga?

2) Kabanalan.

Ang ikalawang isyu na laging apektado ng isang makalangit na pagdalaw ay kabanalan. Paano nga ba natin napaghiwalay ang kabanalan ng buhay at ang katuwiran? Paanong magkakaroon ng katuwirang mula kay Cristo ang isang tao pero nabubuhay na hindi pinapansin ang kabanalan? Nawa ay dumating na ang makalangit na pagdalaw na maglilinaw sa isyu ng kabanalan sa ating mga buhay upang tunay nating mapapaniwalaan: "Iingatan ninyong malinis ang inyong sarili, sapagkat ako, si Yahweh, ang inyong Diyos na banal." (Lev. 11:44).

Namamanhik ako sa inyo, seryosohin natin ang isyu ng kabanalan. Kapag dumalaw ang Diyos, kaagad na uunahin ang kabanalan. Hindi ba't napakainam na alalahanin ang mga pakikipagtagpo ng mga lalaki sa Kasulatan sa bahal na Diyos kapag tumawag sila "Mapapahamak ako pagkat ako'y isang makasalanang nakakita kay Yahweh!" Nawa ay meron pang isang araw kung saan ang "sungay ng kaligtasan" ay bubunutin ang ugat ng kasalanan mula sa ating mga puso at ang "araw"mula sa kaitasan ay tatanglaw sa atin kung kayat bawat batik ng kasalanan sa atin ay maliliwanagan, at ang ating pagsisisi ay lalalim at sa wakas, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, matutupad!

3) Pagpayag sa kasalanan.

Ang pagpayag sa kasalanan ay malinaw na konektado sa kabanalan, pero itinuturing ko itong magkahiwalay. Ang pagpayag sa kasalanan ay naapektuhan kapag merong makalangit na pagdalaw. Ang Awit 51 ay pagsisisi at panalangin ni David, pero partikular ang mga salita sa talatang 4: "Sa Iyo lang ako nagkasalang tunay, At ang nagawa ko'y di mo nagustuhan" Pinapayagan natin ang kasalanan dahil hindi natin iniisip kung kanino tayo nagkasala. Pero baka merong magsasabi tungkol kay David, "David, bakit mo sinasabing sa Diyos lang at tanging sa Diyos lang" samantalang nagkasala ka laban kay Batsheba; nagkasala ka rin laban sa iyong pamilya; nagkasala ka laban sa kanyang asawa dahil ikaw ang nagplano na ipapatay ito, nang magkasala ka laban sa bansa na pinaglagyan sa iyo ng Diyos upang pamahalaan; nang, dahil sa iyong kasalanang seksuwal, nagkasala ka laban sa iyong katawan?" Paano mo masasabi, "Sa Iyo lamang...?" Sinabi niya iyon dahil naunawaan niya ang bagay na mabilis nating makalimutan, na ang kasalanan ay napakasama dahil iyon ay laban sa Diyos. Kapag ang Diyos ay parang napakalayo, kapag parang kay tagal nang hindi ka Niya dinalaw, madali nating malilimutan na lahat ng kasalanan ay laban sa Kanya. Ngunit kapag dumalaw Siya, magiging napakaliwanag na ang pinakamalupit na kasamaan ng lahat nating kasalanan ay dahil iyon ay laban sa Diyos. Napag-isipan mo na ba ang mga kaparaanan kung bakit ang iyong kasalanan ay laban sa Diyos? Kapakipakinabang na gawain ito para sa iyo. Bayaan mong tulungan ko kayo. Lahat ng kasalanan ay laban sa kapamahalaan ng Diyos. Siya ang naghahari, hindi ikaw. Lahat ng karapatan ay sa Kanya, hindi sa iyo. Siya ang naglatag ng mga kautusan. Siya ang naglatag ng mga bagay na katanggap-tanggap at hindi katanggap tanggap na asal. Kapag nagkasala ka, parang hinahamon mo ang Diyos nang mukhaan at sinasabi, "Gagawin ko ang gustc kong gawin. Hindi Ikaw ang naghaharing Diyos para sa akin." Isa pang punto, lahat ng kasalanan ay laban sa sangnilikha ng Diyos. Sa Roma 8:19-22, niliwanag ni Pablo na ang kasalan ni Adan ay nakaapekto sa buong sangnilikha, kayat ang lahat ng sangnilikha ay dumaraing sa paghihirap, ano ang hinihintay? Ang kasalanan ni Adan ang nagpatigil sa lahat ng layunin sa paglikha ng Diyos. Ang makapiling ang mga puno at mga bato at mga ilog at mga bundok sa pagtaghoy para sa panunumbalik ng katuwiran, upang ang sangnilikha ay manumbalik, at lahat sa sansinukob ay magpupuri sa Panginoon. Lahat ng kasalanan ay laban sa Diyos. Isapuso mo ito. Ang pagdalaw ng Diyos ay palaging nakaaapekto ng labis sa ating pagpayag sa kasalanan.

4. Pagsisisi.

Ang pagdalaw ay garantisadong makaaapekto sa ating pananaw sa pagsisisi. Tayo ay nabubuhay sa isang panahon na ang laksa-laksang tao ay hindi man lamang gagamitin ang salitang pagsisisi. Ngunit kapag lumapit ang Diyos, ang pagsisisi ay nagiging napakamahalagang isyu. Hindi ka nagdadahilan at isinasantabi ito. Ito ay isang bagay na alam mong dapat mong gawin at gawing madali kung hindi ay magkakaproblema ka sa walang-hanggan, at walang makakalusot dito. Nakapangaral na ako ng maraming beses patungkol sa pagsisisi at nakasulat lang ng isang aklat sa paksang ito, nang walang nakikitang resulta. Ngunit isang araw ang "araw ng kaligtasan" ay dadalaw sa atin at lahat ng Iglesia ng Diyos ay magmamadaling magsisisi. Nawa ay mangyari na ito agad!

5) Pamumuno ng Banal na Espiritu.

Ang banal na pagdalaw na ito ay merong malaking bunga sa ating interes, pagpapasakop at kagalakan sa ilalim ng pamumuno ng Banal na Espiritu. Kay inam ng araw na iyon na ang mga salita ni Juan Bautista ay magiging totoo sa ating mga buhay: "Binabautismuhan ko kayo sa tubig bilang tanda ng pagsisisi ninyo't pagtalikod sa inyong mga kasalanan, ngunit ang dumarating na kasunod ko ang magbabautismo sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Siya'y makapangyarihan kaysa akin, hindi ako karapat-dapat kahit tagadala ng kanyang panyapak." (Mat. 3:11). Ang bautismo sa apoy ay bautismo ng kadalisayan at maalab na puso.

Si Amin Gesswin ay isang kahanga-hangang lalaki ng Diyos, matinding ginamit ng Banal na Espiritu sa maraming bahagi ng daigdig. Nakatutuwa siya! Bago siya mamatay, matapos ang isang malaking ministeryo sa isang bansang Scandianavian, nakikipagpulong siya sa kanyang mga kasamahan, pinaplano kung paanong sasakupin ang buong mundo para kay Cristo. Iyan ang maalab na pag-ibig! Meron ka ba nito? Nawa ang araw ng kaligtasan ay dalawin tayo at upang bawat tao ay malaman ang kapangyarihan at kadalisayan at maalab na pag-ibig habang ginagawa ng Banal na Espiritu ang Kanyang dakilang gawain sa bawat isa sa atin!

6) Bagong Pag-ibig.

Ang makalangit na pagdalaw na ito ay nauuwi sa panibagong pag-ibig. May isang dalaga na minsang nagsabi sa akin, "Ginoong Roberts, bakit kaya kapag dumating ang revival sa isang iglesia, ang tanging nais ng iglesiang iyon ay manalangin?" Sabi ko sa kanya, "Na-in love ka na ba?" Namula siya at saka ipinakita ang kanyang engagement ring. "Ah, kung gayon, sinagot mo ang tanong mo. Alam mo kung ano ang nangyayari kapag ikaw ay in-love. Gusto mong ubusin ang lahat ng oras sa piling ng iyong minamahal. Walang napakabigat na sakripisyo. Kapag dumating ang napakasarap na pagdalaw na ito mula sa kaitaasan, merong pag-ibig,,pagbabad sa pag-ibig – pag-ibig para sa Diyos, para sa isa't isa at para sa napapahamak na sanlibutan.

7. Debosyon sa Trabaho.

Kapag dinalaw tayo ng araw ng kaligtasan mula sa kaitasan, magkakaroon ng debosyon sa paggawa, hindi ang mga patay na gawa na bahagi ng Iglesia sa ngayon, kundi isang gawaing tunay na may pahid ng langis ng Espiritu Santo at makapangyarihang ginagamit. Sa unang aklat kong sinulat ay isinama ko ang isang tsapter – "Pagsisisi Mula sa Patay na mga Gawa". Merong talata sa Hebreo 6 tungkol sa pagsisisi mula sa mga patay na gawa. Ito ay itinala bilang isang pundasyunal na doktrina. Ang Iglesia ay batbat ng mga patay na gawa.

Nais natin ang isang pagdalaw mula sa kaitaasan na nagbibigay ng puspos na buhay sa lahat nating ginagawa. Kung tutuntunin mo ang kasaysayan ng mga dakilang pagdalaw ng Diyos, makikita mo na halos bawat mahalagang repormasyon at pagbabago sa ating lipunan ay naganap bunga ng isang banal na pagdalaw, at mga lalaki at babae ang naging pokus sa Diyos.

Sa ngayon, kailangan natin ang isang pagdalaw ng Makapangyarihang Tagapagligtas o "sungay ng kaligtasan" at "bukang-liwayway ng araw ng kaligtasan." Alam nating kailangan natin ito. Ngunit alam ba natin na kailangang-kailangan natin ito kung kayat hindi na mahalaga ang ibang mga bagay, at kailangan nating isaisantabi ang lahat ng nakapapagod at walang kabuluhan. Nawa ay marating natin ang punto na hindi natin kayang mabuhay nang wala ang malapitang presensiya ng Tagapagligtas!

Panalangin

Lubos kaming naniniwala, Ama, na higit sa aming matinding pangangailangan, higit sa aming banal na nasain, ang pinakadakilang insentibo na maaari naming maitaas sa Iyong harapan para sa paghahangad ng isang banal na pagdalaw, ay ang kaluwalhatiang sumasalyo na matatamo kapag Ikaw ay nasa kalagitnaan. Igawad Po Ninyo O Diyos, na mabubuhay kami upang makita at maranasan at lumakad sa gitna ng Inyong presensiya sa Iglesia – ang kaluwalhaitan ng Haring Jesus. Amen.

Ang kakulangan ng Dasal

Ni Andrew Murray

Ang pagpapabaya sa panalangin ang isang pagkukulang na halos lahat ay handang umamin. Ang panalangin ay wala sa dapat nitong kalagyan sa ating buhay Cristiano at paglilingkod. Pero parang halos imposible ang makalaya dito. Purihin ang Diyos dahil, "Tinugon sila ni Jesus, "Ang hindi magagawa ng tao ay magagawa ng Diyos." (Lucas 18:27).

"Magagawa ng Diyos na pasaganain kayo sa lahat ng bagay – higit pa sa inyong pangangailangan – upang may magamit kayo sa pagkakawang-gawa." .(2 Cor. 9:8). Magtiwala tayo na ang pagtawag ng Diyos upang maging mapanalanginin ay hindi kinakailangang maging pabigat at sanhi ng patuloy na pagsisi sa sarili. Layunin ng Diyos na ito ay maging isang kagalakan. Maaari Niya itong gawing isang inspirasyon, nagbibigay sa atin ng lakas sa ating trabaho, at nagpapababa ng Kanyang kapangyarihan na kumilos sa atin at sa pamamagitan natin. Huwag tayong matakot na tuluyang aminin ang nakakahiyang kasalanan, at harapin ito sa ngalan ng ating makapangyarihang Manunubos.

Ang liwanag na tumatanglaw sa ating kasalanan at umuusig sa atin, ay magpapakita sa atin ng paraan palabas dito tungo sa buhay na malaya na kalugod-lugod sa Diyos.

Ang Daan Tungo sa Tagumpay

Ano ang paraan upang maging pagpapala sa atin ang pagkaalam na kulang tayo sa panalangin, at magapi ang kasamaang ito? Paanong ang ating pakikipagniig sa Ama sa pamamagitan ng patuloy na pananalangin at intersesyon ay magiging tumpak upang tayo ay lubos na mapagpala?

Dapat nating balikan ang Salita ng Diyos upang pag-aralan kung ano ang lugar na gusto ng Diyos para sa panalangin sa buhay ng Kanyang anak at ng Iglesia? Ang panibagong pagkakita kung ano ang panalangin sa kalooban ng Diyos at kung paano ang ating panalangin sa biyaya ng Diyos, ay magpapalaya sa atin mula sa maling pananaw patungkol sa kahalagahan ng tuloy-tuloy na panlangin. Ito ay nasa pinakaugat ng ating kabiguan. Ang pagkaunawa sa pagiging mahalaga at matuwid ng makalangit na pagtawag na ito at ang kumbiksyon kung gaano ito akma sa pag-ibig ng Diyos at ng sarili nating kaligayahan, ay magpapalaya sa atin mula sa maling impresyon na ito ay diktatorial.

Buong puso natin itong tatanggapin at magagalak dito bilang nag-iisang posibleng paraan para bumuhos ang biyaya ng langit dito sa lupa. Sa pamamagitan ng pinagpalang pananampalataya makikita natin na ang panalangin ay kasing simple ng paghinga sa isang malusog na buhay – kung namumuhay tayo ng buhay Cristiano na ginagabayan at puspos ng Espiritu ng Diyos. Paano natin maaasahang matupad ito upang mabigyan lugod ang Diyos malibang kung ang ating kaluluwa ay lubos na malusog at ang buhay natin ay lubos na pinamumunuan ng Espiritu ng Diyos. Anumang pag-iisip ng higit pang pananalangin at mas mabisang panalangin ay mawawalan ng kabuluhan maliban kung madala tayo sa mas malapit na relasyon sa ating Panginoong Jesus.

Si Cristo ang ating buhay. Tunay na tunay na nabubuhay si Cristo sa atin kung kayat ang Kanyang buhay panalangin dito sa lupa at ng intersesyon doon sa langit ay inihinga sa atin ayon sa laki at dami ng ating pananampalataya. Si Jesu-Cristo ang Manggagamot ng lahat ng karamdaman, ang tumatalo sa lahat ng mga kaaway, at ang nagpapalaya sa lahat ng kasalanan. Kung ang kakulangan natin sa panalangin ay nagtuturo sa atin na bumaling muli sa Kanya at masumpungan sa Kanya ang biyayang ibinibigay Niya na manalangin nang nararapat, ang pagkapahiya ay baka maging pinakamalaking pagpapala.

Magkaisa tayong lahat sa pananalangin na bisitahin ng Diyos ang ating kaluluwa at palakasin tayo para sa gawain ng intersesyon na sa panahong ito ay ang pinakamalaking pangangailangan ng Iglesia at ng mundo. Sa pamamagitan lang ng pananalangin bababa ang kapangyarihan mula sa langit upang madaig ng Iglesia ang sanlibutan. Gisingin natin ang natutulog na kaloob na hindi ginagamit, at akayin ang iba pa, upang maging tagapanalangin ng Diyos, at hindi tatantanan ang Diyos hanggang sa ang Iglesia ay lubos na maging kaligayahan dito sa lupa. Panalangin lang ang makatatalo sa laganap na espiritu ng pagiging makasanlibutan.

Mula sa The Ministry of Intercession ni Andrew Murray

"Huwag Talikdan... *(mula sa pahina 5)*

ang dakilang gantimpala. Kinakailangang kayo'y magtiis upang masunod ninyo ang kalooban ng Diyos at matanggap ang kanyang ipinangako." (Heb. 10:35-36).

Maging Handa (Mat. 24:44)

Ang pagsabog sanhi ng pag-init ay biglaan. Maging handa tayo para sa pagkilos ng Espiritu Santo sa ating kalagitnaan. Siyasatin natin ang ating mga sarili, at gawing matuwid ang ating mga puso sa Diyos at sa mga tao anuman ang maging kabayaran. (2 Cor. 13:5; 1 Cor. 11:23-32; 1 Juan 1:28).

"Narito ang tugon ng Makapangyarihang si Yahweh, "Ipadadala ko ang aking sugo upang ihanda ang daraanan ko. At si Yahweh na inyong hinahanap ay biglang darating sa kanyang templo. Darating ang pinakahihintay ninyong sugo at ipapahayag ang aking tipan. Ngunit sino ang makatatagal pagdating ng araw na iyon? Sino ang makahaharap pag siya'y nagpakita na? Siya'y parang apoy na nagpapadalisay sa bakal at parang matapang na sabon." (Mal. 3:1-2).

Ang ating mga... *(mula sa pahina 8)*

1:5). *"Ako lamang ang nakaaalam ng mga panukalang inihahanda ko para sa ikabubuti ninyo, at para dulutan kayo ng pag-asa sa hinaharap. Kung maganap na ito, kayo'y tatawag, lalapit, at dadalangin sa akin, at diringgin ko naman kayo. Ako'y hahanapin ninyo't masusumpungan kung buong puso ninyo akong hahanapin."* (Jer. 29:11-13). Tulungan ang iyong pamilya na masumpungan ang kamangha-manghang mga pangako ng Diyos at idalangin iyon sa buhay mo.

21. **Ang pananalangin ng Salita ng Diyos ay makapangyarihan sapagkat ito ang KATOTOHANAN!** Ipinanalangin ni Jesus ang lahat ng mga mananampalataya sa Juan 17:17, *"Sinabi naman ni Jesus sa mga Judiong naniniwala sa kanya, 'Kung patuloy kayong susunod sa aking aral, tunay ngang kayo'y mga alagad ko; makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo"* (Juan 8:31-32). *"Si Yahweh ay tapat sa kanyang salita, at maaasahan ang kanyang ginawa."* (Awit 33:4). *"Kayo ma'y naging bayan ng Diyos nang kayo'y manalig sa kanya matapos ninyong marinig ang salita ng katotohanan – ang Mabuting Balita na nagdudulot ng kaligtasan. Kaya't ipinagkaloob sa inyo ang Espiritu Santong ipinangako ng Diyos bilang tatak ng pagkahirang sa inyo."* (Efe. 1:13). Merong mga henerasyon ng mga mananampalatayang buhay ngayon na hindi niyayakap ang buong katotohanan. Ang pananalangin ng Kasulatan ay tutulong sa inyong mga anak upang malaman ang katotohanang ito: "Panginoon, kayo po ay matuwid at totoo at tapat sa lahat Ninyong ginagawa."

22. **Nalulugod ang puso ng Diyos na sumagot sa mga panalangin na nakalulugod sa Kanya, at alam natin na ang Salita Niya ay nagbibigay-lugod sa Kanya:** *"Mga minamahal, kung hindi tayo inuusig ng ating budhi, panatag ang ating loob na makalalapit sa Diyos. Tinatanggap natin ang anumang ating hingin sa kanya, sapagkat sinusunod natin ang kanyang mga utos at ginagawa ang nakalulugod sa kanya."* (1 Juan 3:21-22). Habang ang pananalangin ng Salita ay nagiging bahagi ng inyong pamilya, matututunan ng inyong mga anak na ang kanilang pagsunod sa Salita ay mahalaga sa Ama.

23. **Ang tapang sa pananalangin ng Salita ay nagpapalakas ng ating patotoo sa mga di-mananampalataya** *"Sapagkat ibig ng Diyos na pabulaanan ng inyong wastong pamumuhay ang sinasabi ng mga hangal dahil sa kanilang kamangmangan."* (1 Pedro 2:15). Kapag ang pamilya mo ay matapang na idinadalangin ang Salita ng Diyos at Siya ay tumutugon, ang mga tao na nag-aalinlangan o di-tiyak kung sino si Jesus, ay nagbabago ng isip.

24. **Ang Salita ng Diyos ay nagtuturo sa atin na sambahin Siya bilang Manlilikha ng lahat ng bagay:** *"Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti, at walang dapat ipalagay na masama. Lahat ay dapat tanggaping may pasasalamat sapagkat nililinis ito ng salita ng Diyos at ng panalangin."* (1 Tim. 4:4-5). *"Sa utos ni Yahweh, nalikha ang langit, ang araw, ang buwa't talang maririkit"* (Awit 33:6). Basahin ang 1 Cro. 16:23-3-6! Nilikha rin ng Diyos ang wika ng ating pagsamba.

25. **Dapat nating ipanalangin ang Biblia upang ang Diyos ay maparangalan at maluwalhati!** *"Ngunit nang marinig ito ni Jesus ay sinabi niya, 'Hindi magwawakas sa kamatayan ang sakit na ito. Nangyari ito upang maparangalan ang Diyos at sa pamamagitan nito'y maparangalan ang Anak ng Diyos."* (Juan 11:4). Naluwalhati ang Diyos nang si Lazaro ay binuhay. *"At anumang hilingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay gagawin ko, upang maparangalan ang Ama sa pamamagitan ng Anak."* (Juan 14:13). *"Magpupuring lahat sa iyo, O Yahweh, ang iyong nilalang; Lahat mong nilikha ay pupurihin ka't pasasalamatan. Babanggitin nilang tunay na dakila ang 'yong kaharian. At ibabalitang tunay kang dakila't makapangyarihan. Dakila mong gawa'y upang matalastas ng lahat ng tao, Mababatid nila ang kadakilaan ng paghahari mo."* (Awit 145:10-12). Sa tuwing ipapanalangin mo ang Biblia, binibigyan mo Siya ng kaluwalhatian at karangalan!

Habang ang iyong pamilya ay nag-aaral ng Salita at sama-samang lumalago sa Panginoon, matutuklasan ninyo ang maraming dahilan sa pananalangin ng Biblia. Tiyaking maikintal ang mga ito sa inyong mga anak. Ituro ang mga prinsipyong ito sa iba. Kay inam na bawat panalangin ay mabuti at nakalulugod at ganap na kalooban ng Diyos (Roma 12:2). Makikita ninyo ang lubos na binagong mga pamilya, iglesia, komunidad at mga bansa.

Isang pang paalala, kapag idinalangin mo ang kalooban ng Diyos para sa inyong buhay at para sa iba, maging handa na ikaw ang maging sagot sa iyong mga idinalangin.

"Huwag Talikdan ang Iyong Pagtitiwala"

Ni W.C. Moore

Kung binigyan ka ng Diyos ng pananampalataya upang maniwala na may darating na malawakang revival, patuloy kang maniwala hanggang Siya ay tumugon. Kadalasang pinipili ng Diyos na sumagot sa panalangin pagkatapos ng maraming pag-antala at sa mahihirap na mga sirkumstansya, at sa gitna ng animo'y pagkatalo. Mababasa natin ang magandang kuwento ni Ezekiel sa lambak na puno ng kalansay na naging isang buhay, malaking hukbo na nakatindig (Ezek. 37:1-14). Ang Diyos ay hindi pa rin nagbabago! (Mal. 3:6).

Itinuro ni Jesus na ang mga tao ay dapat manalangin palagi, at huwag manghihinawa, at inilarawan Niya ang dakilang katotohanang at prinsipyong ito sa pamamagitan ng pagkukuwento tungkol sa isang balo at di matuwid na hukom (Lucas 18:1-6). Sinabi ng Panginoon: "*Hindi ipagkakait ng Diyos ang katarungan sa Kanyang mga hinirang na dumaraing sa Kanya araw-gabi, bagamat tila nagtatagal iyon. Sinasabi ko sa inyo, agad niyang igagawad sa kanila ang katarungan. Ngunit pagdating ng Anak ng Tao sa daigdig na ito, may makikita kaya siyang mga taong nananalig sa Kanya?*" (Lucas 18:7-8).

Marami ang matagal nang dumadalangin ng revival. Hindi sila dapat patigilin. Matagal naghintay si Abraham sa pananampalataya bago dumating si Isaac, ang ipinangakong anak. Ilang taong naghintay si Jose sa Egipto bago natupad ang kanyang mga pangarap (Gen. 37, 39-50). "*Kaya't huwag kayong mawawalan ng pananalig sa Diyos, sapagkat taglay nito ang dakilang gantimpala.*" (Heb. 10:35).

Mababasa natin sa Joel 2:28,: "*Pagkatapos nito, ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng tao: isasaysay ng inyong mga anak ang aking mga salita; sari-sari ang mapapanaginip ng matatandang lalaki at makakakita ng mga pangitain ang inyong mga kabataang lalaki.*" Hindi lahat ng panaginip ay galing sa Panginoon, pero palagi Siyang nangungusap sa Kanyang bayan sa pamamagitan ng panaginip. Siyempre, bawat panaginip ay dapat sinisiyasat sa katotohanan ng Salita ng Diyos, at walang tatanggapin maliban nakaayon sa Biblia (Bilang 12:6; Matt. 2L19-23; I Thes. 5:20-21; Isa. 8:20).

Lahat ng mga Cristiano ay dapat mapuspos ng Espiritu Santo (Juan 7:37-39; Efe. 5:18). Kung tayo ay lumalakad sa Espiritu, mabibigyan tayo ng Panginoon ng patotoo ng Espiritu Santo kung ang isang propesiya o panaginip, atbp. ay tunay. Purihin ang Panginoon!

Panaginip ng Biglang Pagsabog

Ilang taon na ang nakakalipas, ako ay nanaginip ng hindi pa nangyayari, pero nararamdaman kong malapit na ang pagkakataon sa katuparan nito. Dumalo ako ng gawain at may isang umawit ng solo, na ganito ang sinasabi: "At merong pagtangis at pagtaghoy, nang malaman ang kahihinatnan ng makasalanan, nanalangin sila, pero huli na ang lahat. (Pahayag 6:12-17).

Pag-uwi ko mula sa gawaing iyon, parang humuhuni pa ang awit ng koro sa kaluluwa ko. Nahiga ako pero hindi makatulog dahil sa isang matinding pasanin sa panalanagin. Nang makatulog ako ay nanaginip ng ganito:

Sa panaginip ko ay nakita ko ang mga bata na nagsisiga sa isang sisidlan. Ginagatungan nila ang apoy nang biglang merong sumabog na napakalakas, ubod lakas kung kayat parang nagising ako. Pagkatapos ay nagtataka ako kung ano ang sanhi ng pagsabog, at binigyan ako ng Diyos ng pangitain:

Nakita ko, nang maganap ang pagsabog, na sumambulat ang sisidlan. Marahil ay naglalarawan ito na kapag dumating ang revival, ang pagkakabaha-bahagi ng mga sekta ay wawasakin. At nang maganap ang pagsabog, nakita kong may isang malaking itim na bagay ang sumambulat dahil sa lakas ng pagsabog sa buong gusaling bato at palabas. Parang ipinaalam sa akin ng Espiritu Santo na ang maitim na bagay na ito ay sumisimbulo sa diyablo. Kapag dumating ang revival, ang diyablo ay tuluyang magagapi, itatapon sa labas.

Pagkalipas ng pagsabog, napansin ko na ang apoy ay patuloy pa ring nagniningas sa lugar kung saan inumpisahan ng mga bata, pero wala nang usok ngayon. Nakita ko ang tatlong maliwanag na apoy na nakaturo sa silangan. Naunawaan kong ang ibig sabihin nito na kapag naganap ang malakas na revival, mawawala na ang pag-aaway-away, pagkakagalit – walang usok – sa gitna ng tunay na bayan ng Diyos, pero sa malinaw at walang bahid na patotoo ng buhay, tuturo sila sa silangan. Ibig sabihin, magpapatooo sila sa kapangyarihan ng Espiritu Santo sa malapit nang pagdating ng Panginoong Jesus!

"*Ginawa niyang hangin ang kanyang mga anghel, at ningas ng apoy ang kanyang mga lingkod.*" (Heb. 1:7). "*Sapagkat kung gaano kabilis gumuhit ang kidlat mula sa silangan hanggang sa kanluran, gayon din naman ang pagparito ng anak ng Tao.*" (Mat. 24:27).

Gayundin, matapos magkapirapiraso ang sisidlan, napansin ko ang isang malaking kaserola na kalahating nasa apoy, na ngayon ay nakatagilid. Parang nagbabadya ito na ang "kaserola ng doktrina" ay hihinto na sa pagkulo kapag dumating ang revival.

Kagyat naalala ko ang Kasulatan: "*Hindi ipagkakait ng Diyos ang katarungan sa kanyang mga hinirang na dumaraing sa kanya araw-gabi, bagamat tila nagtatagal iyon. Sinasabi ko sa inyo, agad niyang igagawad sa kanila ang katarungan. Ngunit pagdating ng Anak ng Tao sa daigdig na ito, may makikita kaya Siyang mga taong nananalig sa Kanya?*" And (Lucas 18:7-8).

Sa malawak pang paliwanag ng panaginip at pangitain, ipinakita sa akin ng Panginoon na meron sa apoy na patuloy na pinapainit ng mga bata, ang isa pang sisidlang bakal na kalahating puno ng tubig. Ang cylinder ay nakasarado na walang lalabasan ng steam. Nang inaapuyan ng mga bata, ang tubig ay kumulo, at walang malabasan ng presyon, kayat tumindi ang presyon at sumabog ang iron cylinder at naging sanhi ng malakas na pagsabog na pagkapira-piraso ng sisidlan.

Ipinaalam sa akin ng Panginoon na ang iron cylinder na ito na may lamang tubig, ay kumakatawan sa mga panalangin ng Kanyang bayan na dumudulog araw at gabi sa Kanya para sa revival! Ang iron cylinder ay walang indikasyong anuman sa labas na merong pagkulo sa loob at ang presyon ay lumalakas sa loob. Gayundin, bagaman walang indikasyon na panlabas na ang mga panalangin ng mga anak ng Diyos na may pasanin sa Espiritu Santo ay merong nagagawang epekto, dadating ang oras na ang mga panalanging ito ay sasaguting lahat, sa isang malawakang pagbubuhos ng Espiritu Santo.

Kayat magpatuloy tayong manalig na sasagutin ng Diyos ang mga sambit ng puso ng Kanyang may pasaning bayan sa mga huling araw. "*Kayat huwag kayong mawawalan ng pananalig sa Diyos, sapagkat taglay nito*

(sundan sa pahina 4)

Langis sa hattingabi

Ni William Cawman

"Sinabi ng mga hangal sa matatalino, 'Bigyan naman ninyo kami ng kaunting langis. Aandap-andap na ang aming mga ilawan, e.' 'Baka hindi magkasiya ito sa ating lahat.' Tugon ng matatalino. 'Mabuti pa'y pumunta muna kayo sa nagtitinda at bumili ng para sa inyo.' (Mat. 25:8-9).

Ang langis, kapag ginamit sa Kasulatan sa diwang espirituwal, ay palaging nangangahulugan ng pagpapahid ng langis ng presensiya ng Diyos sa isang tao. Nang panahon ng Lumang Tipan, kapag tumatawag ang Diyos ng isang tao sa isang tiyak na misyon, ang langis ay ibinubuhos sa kanyang ulo bilang tanda ng presensiya ng Diyos sa kanya. Ang mga saserdote ay pinahiran ng langis, at malaking kasalanan ang sumira sa banal na pagtitiwalang iyon.

Sa Bagong Tipan, ang sabi ng Diyos, *"Kaya, alam ng Panginoon kung paano ililigtas mula sa mga pagsubok ang mga tapat sa Kanya, at kung paanong parurusahan ang masasama hanggang sa araw na sila'y hukuman." (1 Pedro 2:9).* Muli sa Pahayag 1:6, *"Ginawa niya tayong isang liping maharlika upang maglingkod sa Diyos at kanyang Ama bilang mga saserdote. Kay Jesu-Cristo ang kapurihan at kapangyarihan magpakailanman! Amen!."* Isang mabigat na responsibilidad ang maging Cristiano sa panahon ng Bagong Tipan. Ang hindi pagdadala ng bagong pahid ng langis o anointing ng Espiritu Santo sa ating pang-araw-araw na buhay ay mapangwasak gaya ng apoy nina Nadab at Abihu.

Nang nabuhay dito sa lupa si Jesus, dala-dala Niya ang Presensiya, at kalakip ng karunungan, ay umabot sa ibang tao upang magpalakas, magpagaling at mang-aliw, gayundin ang sumaway at magbabala. Sa Kanyang paglisan, ipinangako Niya na idadalangin Niya sa Ama at ipapadala Niya ang gayunding kapangyarihan sa Kanyang mga mananampalataya. Malinaw Niyang winika, "*Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig.*" (Gawa 1:8). Ipinangako din Niya, *"Kaya humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo. Tandaan ninyo: ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan.'"* (Mat. 28:20).

Ano ang iisipin Niya sa atin na Kanyang Iglesia, kapag nakikita Niya ang maling turo at mga doktrina ng diyablo na agresibong kumakalat sa buong mundo at ipinamamalita ang mensahe nito ng kapahamakan, habang tayo ay natutulog at binabayaang maubos ang ating langis? Ang mga salita ng ating teksto ay kalunos-lunos. Ang parabula ng sampung birhen ay walang kinalaman sa maling relihiyon o mga makasalanan sa labas ng Iglesia; inilalarawan nito ang kondisyon ng mga "birhen" sa pagdating ni Jesus. Nakakahiya, hindi inisip ng iba na kailangan nila ng dagdag na sisidlan ng langis hanggang maging huli na ang lahat. Hindi layunin ng manunulat na ito ang mamalagi sa nakapanlulupaypay na kalagayan; naisin natin ang maluwalhating isigaw nang malakas na meron pang malalim at nananatili at dumadaloy na langis. Hindi iniwanan ng Espiritu Santo ang mundong ito, at hindi rin pinutol ang karapatang makalapit sa trono ng biyaya.

Ang pangangailangan sa loob at labas ng Iglesia ay para sa mga kaluluwa na ihihiwalay ang kanilang mga sarili sa nahihimbing na kapanahunang ito at gugugol ng isahang sandali sa tanging Tagapagbigay ng langis na walang kasing halaga. Hindi kailanman ibinigay sa atin ni Jesus ang halimbawa ng pamumuhay sa nakalipas na biyaya. Kagaya ng dalisay Niyang puso, gaya ng dating dedikado sa misyon, walang batik ang Kanyang mga motibo, ipinipilit pa rin Niya sa Kanyang maraming gawain ang mahalagang pagkakataon na mapag-isa sa Kanyang Ama sa langit. Kung minsan ay hindi Siya natutulog, kung minsan ay sinasadya Niyang lumayo sa karamihan, pero anuman ang mangyari, pinanatili Niya ang kapangyarihan ng Espiritu sa buhay Niya. Ang tahimik na oras mag-isa kapiling ang Diyos ay patuloy pa ring nagbubuhos ng langis sa naghihintay Niyang kaluluwa. Ang paghihintay sa Panginoon ay halos imposible na ngayon. Mahusay na naproprograma ni satanas ang estilo ng pamumuhay na panghatinggabi upang mawalan na ng langis, pero hindi kinakailangan maubusan ng langis.

May isang ebanghelistang Africano na alam niyang nauubusan na siya ng langis. Itinabi niya ang lahat niyang plano, nagdala ng isang bote ng tubig at Biblia, at nagpunta sa isang kuweba upang maghanap ng "langis". Pagkalipas ng dalawamput isang araw, lumabas siyang taglay ang langis na umaagos sa buo niyang katauhan, at bunga nito ay dumaloy din sa iba.

Panginoon, Bigyan Mo po kami ng langis!

O Panginoon, bigyan Mo po kami ng langis, hindi lamang sa aming mga ilawan, kundi punuin din ang aming mga sisidlan. Ang sanlibutan ay humihingi ng langis kahit hindi nila alam. Kapag ang pagdilim ng hatinggabi ay dumarating at ginigising ang nahihimbing na henerasyon, kinakailangang meron tayong langis para sa kanila. Kaya natin ito. Walang sinumang ministro, Sunday school superintendent o guro o misyonero o layko na hindi makapupunta *"sa nagtitinda at bumili ng para sa inyo."* (Mateo 25:9). Ang pag-asang iniaalok sa Iglesia sa Laodicea ay, "*Ipinapayo kong bumili ka sa akin ng dinalisay na ginto upang ikaw ay maging tunay na mayaman."* (Pahayag 3:18).

Alang-alang kay Jesus, at para sa mga napapahamak na mga kaluluwa sa ating paligid, dapat nating tiyakin na merong langis, isaisantabi ang lahat hanggat tayo ay mapuspos ng langis na ito mula sa itaas. Ang pamamaraang kinakailangan upang magkaroon ng punong sisidlan ay karaniwang maglalagay sa atin sa direktang pagpintas, di pagkakaunawaan, paglayo, pag-ayaw at iba pang kalagayang di ayon sa laman. Mararamdaman niya na kung minsan ay hindi siya tanggap ng mga tao. Pero mabuti pang harapin ang mga bagay na ito kaysa harapin ang kakapusan ng pahid ng langis ng Espiritu kapag kailangang kailangan na ito.

Salamat sa Diyos sa hindi nauubos na suplay ng langis mula sa itaas. Ito ang pananalitang iniwan ni Jesus nang umaakyat Siya sa langit: *"Ibinigay na sa Akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa."* (Mateo 28:18). Nauuhaw Siya, nananalangin at umaabot sa atin upang maibuhos Niya ang kinakailangan kapangyarihan, pero madalas na hindi natin Siya pinapansin. Ang mga may pusong nag-aalab sa Kanyang pag-ibig ay hindi dapat tumigil sa pagsigaw para sa Iglesiang walang kapangyarihan. May pag-asa pa. Hindi pa huli ang lahat upang ma-revive at mapuspos ng alab at apoy ng Diyos. Nawa tayong mga nasa liwanag ay tumindig at tumawag sa Diyos hanggang sa tayo ay mapahirang muli ng langis.

Mula sa Emmanuel Herald.
Loansport, Indiana.

HINDI ANG GINAGAWA SA ATIN NG IBANG TAO KUNDI ANG ATING REAKSYON ANG NAKASASAKIT

NI Paul E. Billheimer

Mga kayamanang pinakamahalaga sa atin ang siyang nagpapayaman sa atin. Ang pinakadakilang pagpapala ay nagmumula sa pinakamatitinding dalamhati. Sinabi raw ng makatang si Goethe na, "Wala akong kahit isa mang paghihirap na hindi nagbunga ng isang tula."

Marami sa pinakamagagandang karakter Cristiano ay mga bunga ng pagtitiis. Maraming Cristiano ang pumasok sa isang pagsubok na isang malamig, makasanlibutan at hindi espirituwal at lumabas mula doon na isang malambot ang espiritu, payapa at pinagyaman.

Ang binanal na paghihirap ay nagpapalambot ng pinakamatitigas na buhay. Inuubos nito ang dumi ng pagiging maramot at makasanlibutan. Pinabababa nito ang pagmamataas. Binabali nito ang pantaong ambisyon. Pinapatay nito ang apoy ng pagnanasa. Pinapakita nito ang kasamaan ng ating sariling puso, inilalantad ang ating mga kahinaan, kamalian at karumihan, ginagawa tayong mulat sa mga panganib na espirituwal. Dinidisiplina nito ang lumilihis na espiritu. Hindi sa alinmang paaralan natin matututuhan ang mga leksyon ng pagtitiyaga, at pagtitiis maliban sa paaralan ng pagdurusa.

Isa sa mga pamamaraang ginagamit ng Diyos upang gawing ganap ang karakter Cristiano ay ang pahintulutan na tayo ay magdusa. Pero ganito ang sinabi ni Pedro patungkol sa pagdurusa, *"Maipagkakapuri kaya ang magtiis ng parusa kung ito ay dahil sa paggawa ng masama? Hindi! Ngunit pagpalain kayo ng Diyos kung kayo'y maparusahan sa paggawa ng mabuti. Ang pagtitiis ng hirap ay bahagi ng pagkahirang sa inyo ng Diyos; sapagkat nang si Cristo ay magtiis para sa inyo, binigyan niya kayo ng halimbawang dapat tularan."* (1 Pedro 2:20-21).

Tinawag Upang Magdusa
Dahil sa Kamalian

Napakatalas na kagamitan ito para pakinisin ang isang kaluluwa, pero kapag ang nagpapaandar ng isang makina ay merong isang napakadelikadong bagay na kanyang gagawin, gumagamit siya ng isang matalas na kagamitan. Kapag nais ng Diyos na gumawa ng isang magandang hubog sa isang Cristiano, gumagamit Siya ng matalas na kagamitan ng pagdurusa. Mahirap tanggapin ang isang sugat mula sa iba at palaging magbalik ng kabutihan para doon, pero hindi titigil ang Diyos sa atin hanggat ang hubog ay malalim na maiukit sa kalaliman ng ating kaluluwa.

Hindi natin maiiwasan ang pagdurusa sa kamay ng ibang tao. Tiyak na darating iyan. Pero sa huli, walang makasusugat sa atin maliban sa ating sarili. Lahat ng maling ipinupukol ng ibang tao sa atin ay hindi makasusugat sa atin maliban kung tayo ay magtanim ng sama ng loob at hindi magpatawad. Tanging kung hahayaan natin ang poot at galit kaya tayo masasaktan.

Ibigay ang Iyong Galit sa Diyos

Maaaring sabihin mo, "Paano naman ako di magagalit?" Paano ko maiiwasan ang masaktan? Meron isang istorya ng isang Indiyanong bata na lumapit sa isang matandang pinunong Indiyano na may hawak na isang sugatang ibon sa kanyang kamay. Tiningnan ng matanda ang ibon at sinabi, "Kunin mo ito at ibalik sa pinagkunan mo sa kanya." Kung hahawakan mo yan, mamamatay yan. Kung ibabalik mo sa kamay ng Diyos, pagagalingin Niya ang kanyang sugat at ito ay mabubuhay."

Ito ay isang leksyon kung ano ang dapat nating gawin kapag tayo ay nasasaktan. Walang kamay ng tao ang makapagpapagaling ng lungkot. Walang kamay ng tao ang makapagpapagaling ng pusong nasugatan. Kailangan itong isuko sa Diyos (Lucas 4:18; Mat. 11:28-30).

Ngunit marahil ay sinubukan mo nang alisin ang sakit mong nararamdaman pero hindi mo kaya. Nilabanan mo ang tukso na magtanim ng sama ng loob at nadadaig ka. Gusto mong magmahal, pero manhid ang puso mo ng lungkot at pakiramdam mo ay talunan ka.

Ang Pag-Ibig ay Isang Prinsipyo

Dito ay kailangan nating tindigan ang pananampalataya. Maraming tao ang naipagkakamali ang pag-ibig sa pakiramdam o emosyon. Ang pag-ibig ay higit pa sa emosyon. Ang pag-ibig ay isang prinsipyo. Kung tunay mong ninanasa ang pinakamataas at pinakamainam para sa tao na nagkasala sa iyo, iyan ay pag-ibig, kahit lahat mong emosyon ay parang patay na. Ang pag-ibig ay higit pa sa mahinang pakiramdam. Ang pag-ibig ay maaaring maging matigas. Hindi iniisip ang sarili, kundi laging ang kabutihan ng minamahal.

Hindi kumikilos ang pag-ibig ayon sa emosyon, kundi sa prinsipyo. Ang emosyon ay pabagu-bago. Hindi kung ano ang nararamdaman ang mahalaga, kundi ang ginagawa mo para doon. Iyan ang sukatan ng tunay na tao: ang pagpapasiya, at hindi ang emosyon. Maraming pagkakataon ang puso ko ay gustong ipahayag naghahanap na magpahayag ang pagmamahal sa isa sa mga anak ko, kapag alam kong sa ikabubuti niya ay kailangan ko siyang parusahan. Kung ganito, kumikilos ako ayon sa prinsipyo sa halip na sa emosyon.

"Kaya dapat ninyong ibilang ang inyong sarili na patay na sa kasalanan datapwat buhay naman para sa Diyos sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus." (Roma 6:11).

Natutukso ka ba upang
magtanim ng sama ng loob?

Ang sama ng loob ay hindi para sa iyo habang tinatanggihan mo ito, at habang kumikilos ka para sa kabutihan ng taong nakasakit sa iyo. Kung ikaw ay nakay Cristo at si Cristo ay nasa iyo, ang pag-ibig Niya para sa mga di kaibig-ibig ay sumasaiyo, kahit wala kang nararamdamang pagmamahal. Sabi ni Pablo, nang tayo ay mamatay kasama ni Cristo, ang ating kamatayan ay gagawing totoo sa atin sa pamamagitan ng pagpanig sa pananampalataya at pagbilang sa bagay na ginawa na hindi mo nararamdamang ginawa (Roma 6:1-14).

"Kayat huwag ipagmalaki ninuman ang nagagawa ng tao. Ang lahat ay inyo: si Pablo, si Apolos, at si Pedro: ang sanlibutang ito, ang buhay, ang kamatayan, ang kasalukuyan, at ang hinaharap – lahat ng ito'y sa inyo. At kayo'y kay Cristo, at si Cristo nama'y sa Diyos." (1 Cor. 3:21-23).

Kung may nararamdaman kang sama ng loob sa puso mo, huwag mo itong angkinin, ang kinin mo ang pag-ibig ni Cristo ay sumasaiyo. Sa iyo ito, kung Siya ay sumasaiyo. Tanggapin ang sakit bilang galing sa Diyos, at para maging pagpapala sa iyo. Tingnan ang Diyos na nasa likod ng tao na nakasakit sa iyo. Ibilang at angkinin ang pag-ibig ni Cristo bilang sa iyo, at sa pagkuha mo ng posisyong ito ng pananampalataya, magkakatotoo ito. Kailangang iwaksi mo ang sakit, at ilagay ang nasaktan mong puso sa kamay ng Diyos.

Itakwil ang Sarili,
Isuot si Cristo

Kung wala kang nararamdamang espiritu ng pagpapatawad sa puso mo, pumanig sa pananampalataya at sabihin sa Diyos, "Dahil ang puso Mong mapagpatawad ay sumasaakin, kung gayon ay pinatatawad ko ang sinuman sa lahat ng bagay." Sa pagtindig mo sa posisyong ito ng pananampalataya, tinatanggihan ang sama ng loob at galit, ikikilos ng Diyos ang espiritu ng pagpapatawad sa buhay mo at lalaya ka sa tukso ng poot.

Sa huling pagsusuri, walang sinumang makasasakit sa atin maliban sa ating sarili. Maaaring tratuhin tayo ng iba ng mali. Maaaring akusahan tayo ng mali, at kung gayon, babatik sa ating pangalan. Minsan ay masusugatan pati ng iyong katawan, pero walang isa man dito ang tunay na makasasakit sa iyo, malibang payagan mo ang mga ito upang hilahin ka sa poot at sama ng loob, at tuksuhin ka upang maghiganti.

Hindi ang ginagawa ng ibang tao sa atin ang nakasasakit sa atin; kundi ang ating reaksyon. Hindi rin ang ating damdamin laban sa kanila; kundi ang ating ginagawa sa nararamdaman natin. Kung ang nararamdaman natin ay maging sama ng loob o mauwi sa pagtatangka na makaganti, kung gayon ay tayo ang nasusugatan.

Kung ibibigay natin ang ating sakit sa Diyos at tumatangging magkaroon ng masamang loob at magkaroon ng positibong pakiramdam at dumadalangin para sa pinakamabuti para sa taong nakasakit sa atin, at kung mananatili ang ganitong posisyon hanggang sa lahat ng sama ng loob at galit ay madaig ng pusong nagpapatawad, kung gayon ay nakinabang tayo sa sugat.

"Alam nating sa lahat ng bagay, ang Diyos ay gumagawang kasama ang mga nagmamahal sa kanya, ang mga tinawag ayon sa kanyang panukala, sa kanilang ikabubuti." (Roma 8:28). Tingnan din ang Mateo 5:43-48.

Pananalig sa Matuwid
na Pamamahala ng Diyos

Isang dahilan sa pagkikimkim ng sama ng loob at di pagpapatawad ay dahil wala talaga tayong pananampalataya sa hustisya at matuwid na pamamahala ng Diyos. Sabi ng Diyos, *"Mga minamahal, huwag kayong maghiganti; ipaubaya ninyo iyon sa Diyos. Sapagkat nasusulat, 'Akin ang paghihiganti, ako ang gaganti, sabi ng Panginoon."* (Roma 12:19).

Kung talagang naniniwala tayo dito, hindi natin susubuking itama ang mga mali. Dahil sa pagtitiwala ni Jesus sa pag-ibig at hustisya ng Kanyang Ama, kayat, *"Nang Siya'y alipustain, hindi siya gumanti. Nang siya'y pahirapan, hindi siya nagbanta. Nanalig siya sa Diyos na makatarungan."* (1 Pedro 2:23).

Nang sinabi ng Diyos na hindi tayo dapat maghiganti, ibig sabihi'y Siya ang maghihiganti para sa atin. At ang pinakasaligan ng matuwid na pamamahala ng Diyos ay ang Kanyang pagiging makatarungan. Ang moral na batas ay kasin tatag ng anumang pisikal na batas. *"Huwag ninyong linlangin ang inyong sarili; ang Diyos ay di madadaya ninuman. Kung ano ang inihasik ng tao, iyon din ang kanyang aanihin."* (Gal. 6:7) Ito ay imposibleng mabali gaya ng batas ng *gravitation.* Ang isang taong gumagawa ng mali ay ang taong nalulugi, hindi ang taong nasaktan, kung ang taong nasaktan ay nananatiling masaya, at walang espiritu ng pagganti sa kanyang puso.

Kung nakatitiyak tayo sa hustisya ng Diyos, hindi tayo matutuksong ilagay sa ating mga kamay ang mga bagay-bagay. Sa halip tayo ay mananalangin para sa kawawang tao na nagkasala sa atin. Kung tayo ay mananatiling masaya at nagpapatawad, tayo ay magiging mas malakas sa ating tagumpay laban sa sama ng loob. At kapag natapos na ang panahon ng ating pagsubok, makikita natin kung gaano naging mahalaga ang pakikipagbaka natin.

Purihin ang Diyos! *"Ipagpasalamat ninyo sa pangalan ni Cristo Jesus ang lahat ng pangyayari, sapagkat yaon ang ibig ng Diyos." (1 Tesa. 5:18).*

ANG TAGUMPAY NG ESPIRITU SA REVIVAL

Ni Jonathan Goforth (1859-1936)

Si Jonathan Goforth ay isang misyonero ng Canadian Presbyterian Church ng ilang taon saTsina. Siya at ang kanyang pamilya ay mahimalang nakatakas nang buhay noong Boxer Rebellion ng 1900, nang daan-daang mga misyonero at libu-libong mga Cristianog Tsino ang namatay. Nang magbalik mula sa ministeryo sa Tsina, si Jonathan Goforth ay makapangyarihang ginamit ng Diyos hindi lang bilang isang ebanghelista kundi sa mga kilos pang revival na nagdala ng malaking pagpapala sa Iglesia sa Tsina. Ang mga sumusunod ay maikling halaw mula sa kanyang aklat, By My Spirit, kung saan niya sinulat ang tungkol sa malakas na pagkilos ng Diyos.

Ang Cristianong komunidad sa Shinminfu ay matinding pinag-usig noong Boxer Uprising ng 1900. Limamput-apat ang ipinapatay. Ang mga naiwanan ay gumawa ng listahan ng 250 pangalan ng lahat ng mga nakilahok sa masaker. Umaasa silang balang araw ay makapaghihiganti sila sa kanila.

Ang krisis ng pang revival na gawain *sa Shinminfu ay naganap noong ikaapat na* araw. Muli pakiramdam ko ay testigo ako sa isang eksena ng paghatol. Pagkalipas ng tatlong oras ay ipinahayag ko ang benediksyon.

Agad na umalingawngaw ang pagtangis sa buong lugar: "Maawa po kayo sa amin, ipagpatuloy po ninyo ang gawain. Ilang araw na kaming hindi natutulog at ganyan din ang mangyayari sa susunod na gabi kapag hindi ninyo kami binigyan ng pagkakataong maalis na ngayon ang kasalanan namin." Sinabihan ko ang isang misyonera na dalhin ang mga kababaihan at mga batang babae sa paaralan at doon magpatuloy hanggang humupa ang pagkilos. Kung hindi gayon ay hindi matatapos ang gawain.

Habang pumipila palabas ang mga babae, lumapit ang isang ebanghelista at lumuhod sa entablado. Ikinumpisal niya ang ilang mga kasalanan na buong katapatan, pero ang bigat na nakadagan sa kanya ay parang ayaw umalis.

Sinabi ko sa kanya: "Dahil naikumpisal mo na ang iyong mga kasalanan, tapat ang Diyos upang patawarin ang kasalanan at linisin ka sa lahat ng karumihan. Humayo kang payapa."

"Pero hindi ko pa naikumpisal ang pinakamasama sa lahat," ang kanyang hagulgol. "Hindi ko magawang magpatawad."

"Kung gayon," ang tugon ko, "hindi ka mapapatawad ng Diyos!"

"Pero hindi ko kayang magpatawad," tuloy niya. "Noong panahon ng Boxer, isang lalaki ang dumating at pinatay ang aking ama, at mula noon pakiramdam kong tungkulin ko ang ipaghiganti ang kanyang pagkamatay. Nung isang araw isang kaibigan ko ang sumulat sa akin, "Nasan ang awa mo? Pinatay ang iyong ama, at hindi mo pa siya naipaghihiganti? Hindi kakarapat dapat maging isang kaibigan!" Hindi ko mapapatawad ang lalaking iyon. Dapat ko siyang patayin."

"Kung gayon, nangangamba ako na malinaw sa Salita ng Diyos na hindi ka niya mapapatawad." Hindi na siya kumibo, pero patuloy na nakaluhod at umiiyak.

Saka me isang batang mag-aaral ang tumindig at nagsabi, "Noong 1990 ang mga Boxers ay dumating sa aming bahay at pinatay ang aking tatay. Mula noon akala ko'y wala nang ibang paraan kundi ipaghiganti ang aking tatay. Pero nitong mga araw na ito binigyan ako ng sobrang pagkalungkot ng Espiritu Santo kayat hindi ako makakain at makatulog o makapagtrabaho. Alam kong inuudyukan Niya akong patawarin ang mga pumatay sa aking ama alang-alang kay Jesus. Ipanalangin nyo po ako."

Isa pang batang lalaki ang nagsabi kung paano ang mga Boxers ay dumating sa kanilang bahay at pinatay ang kanyang ama, at ina at kuya. Katunayan, mga siyam na batang lalaki ang lumapit din at ikinuwento kung paanong ang kanilang mga ina at ama at mga kapatid ay pinatay sa kanilang harapan, at kung paanong mula noon ay umasa silang balang araw ay makakaganti sila. Pero ikinumpisal na lang nila na sobra ang kanilang pagkalungkot, at humiling na sila ay ipanalangin na sila ay magkaroon ng biyaya upang makapagpatawad sa lahat ng mga nagkasala sa kanila.

Pagkaalis ng mga kababaihan, nagpatuloy pa ang gawain ng dalawa't kalahating oras. Meron lang isang daloy ng pangungumpisal hanggang sa pagtatapos. At lahat ay ganon ang nangyari maliban sa ebanghelista na ayaw magpatawad na nakaluhod doon sa entablado, umiiyak. Nang matapos ang gawain ay tumindig din siya at humarap sa kongregasyon. Malungkot ang kanyang mukha at hapis.

"Buo na ang pasya ko," kanyang tangis. "Hindi ako titigil hanggat hindi ko napapatay ang pumaslang sa aking ama." Inisip kong iyon na ang huli naming pagkikita.

Kinaumagahan

Nang pumasok ako sa simbahan kinaumagahan ay nandon siyat nakatayo sa entablado, ang mukha niya ay kumikinang gaya ng umaga. Humingi siya ng pahintulot para magsalita bago ako magpatuloy sa aking sermon. Tiningnan niya ang mga batang mag-aaral at ang sabi, "Maaari bang ang mga bata na humingi ng tawad kagabi at humingi ng biyaya upang mapatawad ang mga pumatay sa kanilang mga mahal sa buhay kung maaari ay pumunta dito sa unahan?" Ang siyam na mga bata ay nagsitindig at saka pumila sa unahan.

"Pinakinggan ko ang mga pagkumpisal ninyo kagabi, boys" sabi ng ebanghelista. "Narinig kong sinabi ninyo na handa ninyong patawarin ang mga pumatay sa mga mahal ninyo sa buhay. At narinig naman ninyo ako, isang lider ng iglesia, sinabi kong hindi ko kayang magpatawad at hindi ako titigil hanggat hindi ko naipaghihiganti ang lalaking pumatay sa aking ama.

"Nang umuwi ako kagabi pagkatapos ng gawain, naisip ko kung paanong titiyakin ng diyablo na samantalahin ang aking halimbawa upang laitin kayong mga bata. Sasabihin ng mga tao na napakabata pa ninyo para maunawaan ang lahat. At itututuro nila ako bilang isang matalinong lalaki na nalalaman ang sariling pag-iisip, at sasabihin nila, "Hindi siya naniniwala sa kalokohang turo tungkol sa pagpapatawad sa mga kaaway.' Kaya bago kayo mailigaw ng diyablo, binili ko ang siyam na imnaryong ito at ibibigay kong ang isa sa bawat isa sa inyo, umaasang sa tuwing bubuksan ninyo ito upang purihin ang Diyos, maaalala ninyo kung paanong ako na isang ebanghelista, ay nakatanggap mula sa Kanya ng biyaya upang patawarin ang mga pumatay sa kanyang ama."

Pagkatapos noon ang listahan ng mga pangalan ng mga taong paghihigantihan ay dinala sa unahan, pinunit-punit at saka tinapakan.

Sa Newchwang

Isang pangkaraniwang libingan sa Newchwang ay may tanda ng puntod ni William C. Burns (1815-1868). Dito siya huling nagsilbi para sa kanyang Panginoon. Waring saan mang lugar nagpunta ang Scottish na ebanghelistang ito, sa kanilang bayan at sa Tsina, lahat ng kanyang makatagpo ay nagkaroon ng kaligtasan ni Cristo. Maging ang karpinterong gumawa ng kanyang kabaong ay hindi nakaligtas, at naging elder ng iglesia nang ako ay dumating doon.

Matapos kumilos na makapangyarihan ang Panginoon sa Mukden, isang misyonero doon ang nagsabi sa akin, "Tunay na pinagpala kami dito ng Diyos, pero nangangamba akong hindi Niya iyon magagawa sa Newchwang. Ang iglesia doon ay patay na patay kayat dapat na mailibing."

Sumagot ako: "Alam mo na ngayon ang kapangyarihan ng Diyos. Manalangin ka lang na ang gawa ay maipadama sa Newchwang."

Sa pagtatapos ng gawain sa Liaoyang narinig ko ang katulad na istorya. "Pinupuri namin ang Diyos," sabi ng mga misyonero, "dahil sa ginawa Niya sa amin. Pero di dapat asahan iyan sa Newchwang. Malayo silang ma revive."

At muli akong sumagot, "Pero nakita ninyo ang kapangyarihan ng Diyos. Bakit di ninyo iyon ipanalangin?" Sa Kiwangning at Chinchow at Shinminfu ay gayundin. Ang Newchwang ay patay na patay, wala silang pag-asa."

Si Ginoong Hunter ng Kwangning ay nauna sa akin papunta sa Newchwang upang magdaos ng sunud-sunod na tanging pulong panalangin. Nang magkita kami pagkarating ko doon, napansin kong punung-puno siya ng balita.

"May mga kakaibang bagay na nagaganap dito," sabi niya, nagniningning sa tuwa ang kanyang mukha. Nung araw na iyon ng prayer meeting, sabi niya, isang babae na tumalikod sa Panginoon noong 1900 upang iligtas ang buhay niya ay sobrang nagiyagis. Nananalangin siya na bigyan pa siya ng isang pagkakataon upang maialay ang kanyang buhay sa Panginoon. Isa ring Cristianong kontratista ay umiiyak na nagtapat kung paano niya dinaya ang isang kontrata ng $200, at nangakong ibabalik niya ang pera bago magtapos ang araw na iyon.

Nagpatuloy ang gawain nang sumunod na araw. Sa paglapit sa pulpito, tumungo ako gaya ng dati nang ilang sandali sa panalangin. Nang itaas ko ang aking ulo para bang ang bawat lalaki, babae at bata sa iglesiang iyon ay nasa matinding paghatol. Malayang nag-iiyakan, at lahat ng klase ng kasalanan ang ikinukumpisal.

Ano ang paliwanag? Ano ang masasabi natin doon? Ito ang iglesia na sinasabing patay at wala nang pag-asa. Ngunit, wala pang nabibigkas na salita, o imnong inaawit, o panalanging nasasambit, ang kamangha-manghang bagay na ito ay nangyari na! Ano pa bang paliwanag ang masasabi kundi ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos bilang sagot sa panalangin ng Kanyang revived na mga anak sa Mukden at Liaoyang at sa ibang lugar. Nakita nila ang magagawa ng Diyos at sa liwanag ng pangitaing iyon ay dumulog para sa kanilang kapatid na iglesia.

Mula sa *By My Spirit*, Jonathan Goforth.

ANG ATING MGA PAMILYA AT TAHANAN PARA SA DIYOS....

Turuan ang Inyong Pamilya na Manalangin Ang Salita ng Diyos (Ika-2 Bahagi)

Ni Kim Butts

Ang perpektong mga plano, layunin at kalooban ng Diyos para sa buhay mo at sa buhay ng iyong pamilya ay nakasaad sa mga pahina ng Kanyang kamangha-manghang Salita. Sa paggugol mo ng panahon sa pagbubulay o pag-aaral ng Biblia, maglaan ng oras na ipanalangin ang iyong nabasa at hingin sa Panginoon na tulungan kang masunod ang kalooban Niya. Ang panalangin ang sangkap na nagbibigay-buhay sa Salita. Ito ay banal na gawain na makakapag-ugnayan tayo sa banal na Diyos ng Israel, ang ating Ama sa langit. Anuman ang ipapahayag sa iyo ng Espiritu Santo sa pakikinig mo sa tinig ng Diyos ay palaging makukumpirma ng Biblia. Kung hindi, ang iyong narinig ay hindi sa Panginoon.

Narito pa ang mga dagdag na mga dahilan (mula sa nakaraang isyu) kung bakit ang pananalangin ayon sa sinasabi ng Kasulatan ay magbibigay ng kapangyarihan sa iyong buhay panalangin bilang indibiduwal at bilang isang pamilya. Sa pagkaunawa ninyo at pag-aangkop ng Salita sa inyong mga panalangin, makapananalangin kayo nang may ibayong lakas ng loob at mabisa higit sa inyong iniisip o inaasahan, dahil mananalangin kayo ayon sa mabuti, nakalulugod at perpektong kalooban ng Diyos (Roma 12:2).

Ang Pananalangin sa Kasulatan ay Makapangyarihan sapagkat:

9. **Ang Salita ng Diyos ay Walang Dungis:** *"Pangako mo, Yahweh, ay maaasahan, ang nakakatulad ay pilak na lantay; Tinunaw sa hurno, matapos mahukay Pitong beses ito na pinadalisay."* (Awit 12:6). *"Ang Diyos na ito ay ganap ang gawa, At maaasahan ang kanyang salita; Siya ay kalasag ng mayroong nasa At naghahanap ng kanyang kalinga."* (Awit 18:30). Kapag ibinalik mo sa Kanya sa panalangin ang Kanyang Salita, makatitiyak kang dumadalangin ka ayon sa kalooban ng Diyos. Walang anumang mali sa Salita ng Diyos. Mahalagang ituro ito sa iyong pamilya dahil kailangan matutunan ng mga bata na ang Salita ng Diyos ay ganap na maaasahan.

10. **Mananatili Magpakailanman ang Salita ng Diyos:** *"Lilipas ang langit at ang lupa, ngunit ang mga salita ko'y hindi Lilipas."* (Lucas 21:33). *"Ngunit ang salita ng Panginoon ay mamamalagi kailanman."* (1 Pedro 1:25). *" Ang salita mo, O Yahweh, di kukupas, walang hanggan, Matatag at di makilos sa rurok ng kalangitan."* (Awit 119:89). Walang anumang bagay na makapagpapabagsak o makapagpapaliit sa Salita. Si Jesus, ang Salita ng Diyos, ay magpakailanpaman. Patuluyang sanayin ang iyong mga anak na umasang magtiwala na ang Salita ng Diyos ay nananatili noon, ngayon at magpasa walang hanggan. Walang anumang kailangan idagdag o ibawas mula dito. Ang Salita Niya ay magpakailanman.

11. **Ang pananalangin sa Salita ng Diyos ay tumutulong sa atin upang mahubog ang isang malapit na relasyon sa Kanya at nasaing makilala pa Siya nang lubos.** Halimbawa: Basahin ang Awit 63:1-8. Kailan mo huling inasam ang Diyos sa ganitong paraan? Meron bang umuusbong na pagkagutom at pagkauhaw sa iyong espiritu? Sa pananalangin mo ng Salita ng Diyos, paiigtingin Niya ang pagnanasa mong makilala pa Siya nang mas malalim at matindi kaysa dati. Kung ang mga anak mo ay mahilig na mahilig sa mga makasanlibutan na mga bagay, ang pananalangin ng Kasulatan ay makakatulong sa kanila para sa halip ay maghanap sila ng mga bagay na espirituwal, habang kumikilos ang Espiritu Santo sa kanilang mga puso. Kapag tayo ay naging mga pamilya na maalab kay Jesus, ang mga bagay na makasanlibutan ay nawawalan ng halaga.

12. **Ang Salita Niya ay nagpapaalala sa atin na manatiling nakatuon sa Kanya sa panalangin:** *"Di ako hihinto, n'yaring pananalig, Ang pag-iingat mo'y aking ninanais." (Awit 141:8a).* Sabi ni Jehoshaphat, *"Hindi namin malaman ang aming gagawin Ikaw lamang ang aming pag-asa."* (2 Chron. 20:12c). Sa mabuti o masamang sandali, dapat tayong nakapokus sa Panginoon. Kung minsan inaayos natin ang mga bagay-bagay na hindi umaayon sa iniisip natin. Kung ganyan, kumikilos tayo ayon sa sarili nating laman, at madalas ay lalong nagpapagrabe ng sitwasyon, at tayo ay nabibigong baguhin ang mga bagay-bagay. Matutunan bilang pamilya na dalhin ang lahat sa Panginoon sa panalangin, hinihingi sa Kanya na Siya na ang bahala at hayaan ang kalooban Niya sa gitna ng anumang sitwasyon. Tiyaking panalangin ang unang-una ninyong gagawin.

13. **Ang pananalangin ng Salita ay nagbibigay sa atin ng awtoridad na labanan ang kaaway:** Ang Salita ang tanging opensibang sandata ng Diyos (Efe. 6:10-18). Tandaan kung paanong nakipaglaban si Jesus laban kay satanas sa ilang gamit ang Salita? Magagawa din ninyo iyon. *"Dahilan sa iyong lakas, lupig namin ang kaaway, pagkat ikaw ang kasama, kaya sila napigilan."* (Awit 44:5). Basahin din ang 1 Juan 2:14. Alam ni satanas na talo siya sa panalangin, kayat sinisikap niyang paguhuin ang ating pagtitiwala sa kakayanan ng Diyos na sagutin ang ating mga panalangin. Turuan ang inyong mga anak ng kahalagahan at kapangyarihan ng pangalan ni Jesus!

14. **Ang pananalangin ng Salita ng Diyos at pagbigkas nito sa panalangin, ay nagpapalakas ng ating pananampalataya sa kakayanan ng Diyos na dinggin at sumagot:** *"Kayat ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig; at makakapakinig lamang kung may mangangaral tungkol kay Cristo."* (Roma 10:17). Eto ang isang magandang halimbawa: *"At pagagalingin ang maysakit dahil sa panalanging may pananampalataya. Ibabangon siya ng Panginoon, at patatawarin kung siya'y nagkasala."* (Santiago 5:15). Kapag narinig natin ang Salita ni Cristo, lumalakas ang ating pananampalataya. Kapag idinadalangin natin ang Salita ni Cristo, ipinakikita nito ang pananampalataya natin sa gagawin Niya.

15. **Ang pananalangin ng Salita ng Diyos ay pumapayag sa Espiritu Santo upang kumilos sa atin at sa pamamagitan natin:** *"Isuot ninyo ang helmet ng kaligtasan, at kunin ninyo ang tabak na kaloob ng Espiritu, samakatwid, ang Salita ng Diyos."* (Efe. 6:17). *"Ngunit ang Patnubay, Ang Espiritu Santo na susuguin ngAma sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalaala ng lahat ng sinabi ko sa inyo."* (Juan 14:26). Sanayin ang inyong mga anak na kilalanin ang Espiritu Santo na ating banal na Guro. Siya ang nakakabatid ng puso at isip ng Diyos, at nais na ituro ang mga bagay na iyon sa atin, kung makikinig tayo.

16. **Ang pananalangin ng Salita ng Diyos ay nag-iingat sa atin mula sa kasalanan.** ***"Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa 'yo kailanman:*** (Awit 119:11). Ipinapakita nito sa atin ang kahalagahan ng pagsasaulo – magagamit natin ang Biblia sa ating buhay panalangin saanman tayo naroon kung ang Salita ay nasa ating puso. Sanayin ang inyong mga anak sa mahalagang disiplinang ito upang sila'y lalong maging handa upang labanan ang mga maling asal.

17. **Ang pananalangin sa Salita ng Diyos ay tumutulong sa atin upang idalangin ang sarili nating pagsunod sa Salita:** Nagbibigay ito sa atin ng gabay at alituntunin sa atin araw-araw. *"Ituro mo, Panginoon, layunin ng kautusan, At iyon ang susundin ko habang ako'y nabubuhay. Ituro mo ang batas mo't sisikapin kong masunod, Buong pusong iingata't susundin nang buong lugod. Sa pagsunod sa utos mo, ako'y iyong pangunahan, Sa utos mo'y naroroon ang ligayang inaasam. Bayaan mong hangarin ko na sundin ang iyong utos, Higit pa sa paghahangad na yumaman akong lubos. Ilayo mo ang pansin ko sa bagay na walang saysay, At ayon sa pangako mo'y pagpalain akong tunay."* (Awit 119:33-37). *"Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinakikinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili."* (Santiago 1:22). Nananalangin ka ba matapos makapakinig ng isang makapangyarihang Salita o pagkabasa nito? Dapat nating idinadalangin na gawing buhay sa ating buhay ang Salita.

18. **Ang pananalangin sa Salita ay tumutulong sa atin upang tumindig sa matibay na pundasyon:** *"Ipinakikilala ko sa inyo kung kanino natutulad ang bawat lumalapit sa akin, nakikinig ng aking mga salita, at nagsasagawa ng mga ito. Katulad siya ng isang taong humukay nang malalim at sa pundasyong bato nagtayo ng bahay.. Bumaha, at ang tubig ay bumugso sa bahay na iyon, ngunit hindi natinag, sapagkat matatag ang pagkakatayo."*l (Lucas 6:47-48). Ang mga paa ba ng inyong mga anak ay nakatayo sa Matibay na Bato? Ang pananalangin ng Salita ng Diyos ay tutulong upang itatag ang pundasyon ng iyon.

19. **Ang Salita Niya ay laging tutuparin ang Kanyang mga nasain:** *"Sinabi ni Yahweh, 'Ganyan din ang aking mga salita, Magaganap nito ang lahat kong nasa."* (Isa. 55:11). Mahalagang sanayin ang ating mga anak na maunawaan na lagi tayong dapat manalangin para matupad ang kalooban ng Panginoon dito sa lupa sa halip na ang sarili nating kalooban ang matupad sa langit.

20. **Ang mga pangako ng Kanyang Salita ay nagpapalakas ng ating loob:** *"Hindi ka matatalo ninuman habang ikaw ay nabubuhay. Kung paanong sinubaybayan ko si Moises, gayundin ang gagawin ko sa iyo. Hindi kita pababayaan."* (Josue

(sundan sa pahina 4)

PAUNAWA

KUNG MAGPAPADALA PO KAYO NG KALOOB UKOL DITO SA GAWAIN NG PANGINOON, MANGYARI PO LAMANG NA ISULAT SA TSEKE O MONEY ORDER SA PANGALAN NG TAGALOG HERALD INTERNATIONAL.

MARAMING SALAMAT PO
TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
SIS. ZENAIDA A. SARMIENTO
CAINTA RIZAL, 1900

Republic of the Philippines
PHILIPPINE POSTAL CORPORATION
National Capital Region
Livelong Boulevard
1000 Manila

Permit No. _____
Date granted _____

SWORN STATEMENT

The undersigned ZENAIDA A. SARMIENTO editor/managing editor/business manager/owner/publisher of PARAYAG NG KANYANG PAGKATIWO (Title of Publication) _____ (Frequency of issue) QUARTERLY (language in which printed) at _____ (Office of Publication) entered as THIRD CLASS (First, Second, and/or Third class office of entry _____ after having duly sworn to in accordance with law, hereby submits the following statements of ownership, management, circulation, etc. which is required by Art. 2046 as amended by Commonwealth Act. 201.

ADDRESS

Editor MATIMTIM FERRANCO
Manager Editor ELVI G. SARMIENTO
Business Manager ZENAIDA A. SARMIENTO
Owner(s) TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
Publisher TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
Printer PROMOPRINT
Office of Publication TAGALOG HERALD INTERNATIONAL

If publication is owned by a corporation, stockholders owning one percent or more of the amount of stocks _____

Bond holders, mortgagee or other security holders owning one percent or more of the total amount of security _____

In case of daily publication, average number of copies printed and circulated of each issue during the preceding month of _____

1. Sent to paid subscribers _____
2. Sent to others than paid subscribers _____
Total _____

In case of publication other than daily total number of copies printed and circulated at the last issue date _____

1. Sent to paid subscribers _____
2. Sent to other than paid subscribers _____
Total _____

ZENAIDA A. SARMIENTO
Signature

OFFICE MANAGER
Designation

SUBSCRIBED AND SWORN TO, before me this _____ day of _____ 2006 in the City of _____ Philippines. Affiant exhibiting to me his/her Community Cert. Exam No. _____ issued at _____ on _____ 20__ / 2006 / 07/06

DOC. NO. 52
PAGE NO. 24
BOOK NO. IV
SERIES OF 2006

ELIZABETH A. MARTINEZ
NOTARY PUBLIC
UNTIL DECEMBER 31, 2006
PTR NO. 3-165581 / 1-2-06 / MANILA